منهاج المسلم - فلبيني

# Ang Pamamaraan NG MUSLIM

جمعية الدعوة بالزلفي

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

112 هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦ ـ فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

# Ang Pamamaraan ng Muslim

## منهاج المسلم – اللغة الفلبينية

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الزلفي
Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

# منهاج المسلم

**أعده وترجمه إلى اللغة الفلبينية**
**جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي**
**الطبعة الثالثة: ٨ / ١٤٤٢ هـ**

**ح شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤٢٤ هـ**

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية
منهاج المسلم – باللغة التجالوج / شعبة توعية الجاليات
بالزلفي – الزلفي، ١٤٢٤هـ

٩٦ ص؛ ١٢ × ١٧ سم
ردمك:٨– ٤٤– ٨٦٤–٩٩٦٠

١. الإسلام- مبادئ عامة أ- العنوان

ديوي ٢١١ ١٤٢٤/٥٧٢١

**رقم الإيداع: ١٤٢/٥٧٢١**
**ردمك: ٨– ٤٤– ٨٦٤–٩٩٦٠**

## محتويات الكتاب


١. الإيمان بالله
٢. محبة أصحاب الرسول
٣. علماء الإسلام
٤. ولاة الأمر
٥. الأدب مع الله تعالى
٦. الأدب مع كلام الله
٧. الأدب مع رسول الله صلى الله عليه وسلم
٨. أدب المسلم مع نفسه
٩. حقوق الوالدين
١٠. حقوق الأولاد
١١. حقوق الإخوة
١٢. الحقوق المشتركة بين الزوجين
١٣. حقوق الزوجة
١٤. حقوق الزوج
١٥. الأدب مع الأقارب
١٦. الأدب مع الجيران
١٧. آداب المسلم وحقوقه
١٨. الأدب مع الكافر
١٩. الأدب مع الحيوان
٢٠. في آداب الجلوس والمجلس
٢١. آداب الأكل والشرب
٢٢. أحكام السفر
٢٣. آداب السفر
٢٤. آداب اللباس
٢٥. في آداب خصال الفطرة
٢٦. آداب النوم

# Mga Nilalaman


1. Ang Pananampalataya kay Allah ..........................5
2. Ang Pag-ibig sa mga Sahabí ...............................12
3. Ang mga Pinuno sa Islam ..................................15
4. Ang mga Tagapamahala sa Kapakanan ..............17
5. Ang Saloobin kay Allah......................................19
6. Ang Saloobin sa Salita ni Allah ..........................24
7. Ang Saloobin sa Sugo ni Allah (SAS)................26
8. Ang Saloobin ng Isang Muslim sa Sarili ............29
9. Ang mga Karapatan ng mga Magulang ..............35
10. Ang mga Karapatan ng mga Anak.......................37
11. Ang Karapatan ng mga Kapatid..........................39
12. Ang Karapatan ng Mag-asawa sa Isa't-isa...........39
13. Ang mga Karapatan ng Maybahay .......................42
14. Ang mga Karapatan ng Asawa ...........................44
15. Ang Kaasalan sa mga Kamag-anak ....................46
16. Ang mga Kaasalan sa mga Kapit-bahay .............48
17. Ang mga Kaasalan at Karapatan ng Muslim ......51
18. Ang mga Kaasalan sa mga Kafir ........................60
19. Ang Kaasalan sa mga Hayop .............................65
20. Ang Kaasalan sa Pakikisalamuha .......................68
21. Ang mga Kaasalan sa Pagkain at Pag-inom .......73
22. Ang mga Alituntunin sa Paglalakbay .................80
23. Ang mga Kaasalan sa Paglalakbay .....................82
24. Ang Kaasalan sa Pananamit...............................88
25. Ang Kaasalan sa Personal na Kalinisan..............91
26. Ang mga Kaasalan sa Pagtulog .........................93

# منهاج المسلم
# Ang Pamamaraan ng Muslim

## Ang Pananampalataya kay Allah

Ang isang Muslim ay sumasampalataya kay Allah. Ibig sabihin: siya ay naniniwalang may Panginoon, na Siya ay ang Lumalang sa mga langit at lupa, ang Nakaaalam sa Nakalingid at sa Nasasaksihan, ang Panginoon at ang May-ari ng bawat bagay, na walang tunay na Diyos kundi Siya; na Siya ay nagtataglay ng lahat ng katanginan ng kaganapan at hindi nagtataglay ng anumang kakulangan. Iyon ay alinsunod sa mga patunay batay sa kapahayagan at sa katuwiran.

Ang ilan sa mga patunay na iyon ay ang pagbabalita mismo ni Allah hinggil sa kairalan Niya, sa Pagkapa-nginoon Niya sa mga nilikha, at sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya. Isa sa mga patunay na iyon ay ang sabi Niya[1] (7:54): **“Tunay na ang Panginoon ninyo ay si Allah na siyang lumikha sa mga langit at lupa sa loob ng anim na araw at pagkatapos ay lumuklok Siya sa Trono. Ipinambabalot Niya ang**

---

[1] Ang mga talata ng Qur’an o mga Hadíth na sinipi rito ay salin lamang mula sa wikang Arabe ng kahulugan ng Salita ni Allah, o ng salita ni Propeta Muhammad (SAS), ayon sa kakayahan ng tagapagsalin.

**gabi sa maghapon na maliksing sumusunod dito** *sa gabi***. Ang araw, ang buwan, at ang mga bituin ay mga sunod-sunuran sa utos Niya. Pakaalamin, ukol sa Kanya ang paglikha at ang pag-uutos. Mapagpala si Allah, ang Panginoon ng mga nilalang."** Nagsabi pa Siya (28:30): **"O Moises, tunay na Ako nga: Ako si Allah, ang Panginoon ng mga nilalang."** Sinabi pa Niya (20:14): **"Tunay na Ako ay si Allah, walang Diyos kundi Ako; kaya sambahin mo Ako at panatiliin mo ang pagdarasal para sa paggunita sa Akin."** Nagsabi pa Siya (21:22): **"Kung** ***sa mga langit at lupa ay*** **may mga diyos bukod pa kay Allah, nasira na sana ang mga ito. Kaya napakamaluwalhati ni Allah, ang Panginoon ng Trono, para sa mga ipinanlalarawan nila** ***sa Kanya*****."** Ganoon din ang kairalan ng iba't ibang mga nilalang at sari-saring mga nilikha: sumasaksi ang mga iyon sa kairalan ng Tagapaglikha nila at iyon ay si Allah, yayamang sa sansinukob na ito ay walang sinumang nag-aangkin na siya ang lumikha at nagpairal sa mga nilalang na ito. Hindi rin matanggap ng isip ng tao na iiral ang isang bagay nang walang tagapagpairal. Batay sa tulad ng mga patunay na ito ayon sa kapahayagan, pangangatuwiran at iba pa ay sumampalataya ang isang Muslim kay Allah, sa Pagkapanginoon Niya sa bawat bagay at sa Pagkadiyos Niya sa mga nauna at mga nahuli. Si Allah ay Panginoon ng

bawat bagay; wala Siyang katambal sa Pagkapanginoon Niya. Sinabi Niya (1:2): **"Ang lahat ng papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang,"**

Ang ilan sa mga patunay sa Pagkapanginoon Niya batay sa pangangatuwiran ay ang mga sumusunod:

1. Ang pamumukod-tangi Niya sa paglikha sa bawat bagay, maliit man o malaki. Sinabi Niya (13:16): **"Sabihin mo: Si Allah ang Tagapaglikha ng bawat bagay"**
2. Ang pamumukod-tangi Niya pagtutustos sa lahat ng nilikha. Sinabi Niya (11:6): **"Walang nilalang na nabubuhay sa lupa na hindi umaasa kay Allah sa panustos nito."**
3. Ang pagsaksi ng **Malusog na Kalikasan ng tao** sa Pagkapanginoon ni Allah dahil nadarama iyon ng bawat tao sa kaibuturan ng budhi. Sinabi ni Allah (23:86-87): **"Sabihin mo: Sino ang Panginoon ng pitong langit at ang Panginoon ng dakilang Trono, sasabihin nila: Si Allah."**
4. Ang Pamumukod Niya sa Paghahari [o Pagmamay-ari] sa bawat bagay at ang ganap na pangangasiwa Niya sa lahat ng iyon. Sinabi ni Allah (10:31-32): **"Sabihin mo: Sino ang nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? O sino kaya ang nagmamay-ari ng pandinig at mga paningin? Sino ang nagpapaluwal ng buhay mula sa patay at sino ang nagpapaluwal ng patay**

**mula sa buhay? Sino ang nangangasiwa sa bagay-bagay? at sasabihin nila: Si Allah. Kaya sabihin mo: Kaya hindi ba kayo mangingilag magkasala? Ganyan si Allah, ang Panginoon ninyong Totoo. Kaya ano pa pagkatapos ng katotohanan kundi kamalian.”**

Naniniwala ang Muslim sa Pagkadiyos ni Allah sa lahat ng nauna at nahuli [na nilikha], at na walang totoong Diyos kundi Siya at walang sinasambang karapat-dapat [sa pagsamba] bukod pa sa Kanya. Sinabi Niya (3:18): **“Sumaksi si Allah na walang Diyos kundi Siya at *gayon din* ang mga anghel at ang mga may kaalaman. Itinataguyod Niya ang katarungan. Walang Diyos kundi Siya, ang Makapangyarihan, ang Marunong.”** Sinabi pa Niya (2:163): **“Ang Diyos ninyo ay isang Diyos—walang Diyos kundi Siya, ang Pinakanaaawa, ang Maawain.”**

Ang ilan sa mga patunay sa pag-iisa ni Allah sa Pagkadiyos ay ang pagpapabatid ng mga sugo Niya (AS)[2] at ang kanilang pag-aanya sa kanilang mga tao sa pagsamba sa Kanya lamang. Tunay na si Noe [ayon sa nasasaad sa Qur’an] ay nagsabi (7:59): **“O mga**

[2] (AS): **‘A**layhis **S**alám: Sumakanya ang Kapayapaan. Sinasabi ito kapag ang pangalan o ang taguri ng isang anghel o isang propeta bukod pa kay Propeta Muhammad (SAS) ay binanggit.

**kalipi ko, sambahin ninyo si Allah—wala na kayong Diyos bukod pa sa Kanya;"** Gayon din ang sinabi nina Húd, S̱áliẖ (Methuselah?) at Shu'ayb (Jethro?): **"O mga kalipi ko, sambahin ninyo si Allah—wala na kayong Diyos bukod pa sa Kanya;"** Nagsabi pa si Allah (16:36): **"Talaga ngang nagsugo Kami sa bawat kalipunan ng sugo *na nagsasabi*: Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang Tághút.[3]"** Sinabi noon ng Sugo (SAS)[4] kay 'Abdulláh ibnu 'Abbás (RA):[5] ***"Kapag hihiling ka ay humiling kay Allah; at kapag magpapatulong ka ay magpatulong ka kay Allah."*** Nagsabi pa siya: ***"Tunay na hindi magpapasaklolo sa akin; magpapasaklolo lamang kay Allah."*** Iniulat ito ni aṯ-Ṯabrání. Nagsabi pa siya: ***"Ang sinumang nanumpa sa iba ka kay Allah ay nakagawa na ng shirk."*** Iniulat ito ni at-Tirmidhí. Nagsabi pa Siya: ***"Tunay na ang mga orasyon, ang mga agimat at ang mga panggayuma ay shirk."*** Iniulat ito ni Aẖmad ibnu H̱anbal at Abú Dáwúd.

---

[3] Diyus-diyusan, o sinumang nalulugod na sambahin siya.

[4] (SAS): **S**allalláhu **'A**layhi wa **S**allam: Pagpalain at pangalagaan (o batiin) siya ni Allah. Sinasabi ito kapag ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) ay binanggit o kapag siya ay tinutukoy.

[5] (RA): **R**aḏiyalláhu **'A**nhu para sa lalaki at **R**aḏiyalláhu **'A**nhá para sa babae: Kalugdan siya ni Allah. Sinasabi ito kapag ang pangalan o ang taguri ng Kasama o asawa ni Propeta Muhammad (SAS) ay binanggit.

Ang isang Muslim ay naniniwala rin sa taglay ni Allah na napakagandang mga pangalan at napakataas na mga katangian at hindi ito nagtatambal sa iba pa sa Kanya sa mga pangalan at mga katangian na iyon. Hindi nito binibigyang-pakahulugan ang mga iyon, hindi nito inaalisan ng kahulugan ang mga iyon, at hindi nito iwinawangis ang mga iyon sa mga katangian ng mga nilikha. Kinikilala lamang niya ang mga pangalan at ang mga katangian na kinilala ni Allah na taglay ng sarili Niya at kinilala ng Sugo Niya na taglay Niya; at ikinakaila nito na taglay Niya ang anumang kapintasan o kakulangan na ikinaila Niya na taglay ng sarili Niya at ikinaila ng Sugo Niya na taglay Niya. Nagsabi Siya (7:180): **"Taglay ni Allah ang napakagandang mga pangalan, kaya dumalangin kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito. Hayaan ninyo ang mga nagkakaila sa mga pangalan Niya; gagantihan sila sa anumang gingagawa nila noon."** Ang sabi pa Niya (17:110): **"Sabihin mo: Dumalangin kayo kay Allah o dumalangin kayo sa Puspos ng awa; sa alin man *sa mga pangalan Niya* kayo dumalangin *ay maaari* sapagkat taglay Niya ang napakagandang mga pangalan."**

Ilan din sa mga patunay ay ang ipinabatid ng Sugo Niya (SAS) hinggil sa mga taalay na katangian ni Allah, gaya ng sabi niya: ***"Tatawa si Allah sa dalawang lalaki,***

***na ang isa sa kanilang dalawa ay pumatay sa isa pa, na kapwa [papasok] sa Paraiso."***[6] Ang Hadith na ito ay napagkaisahan sa katumpakan. Ang sabi pa ng Sugo (SAS): ***"Hindi titigil ang Impiyerno na tinatapuanan habang ito ay nagsasabi: May karagdagan pa ba?, hanggang sa ilagay ng Panginoon ng Karangalan doon ang paa Niya kaya magsisiksikan ang isa't isa at sasabihin na nito na tama na, tama na."*** Sinabi pa niya: ***"Hahawakan ni Allah ang daigidig sa Araw ng Pagkabuhay at tutupiin Niya ang langit sa pamamagitan ng kanang kamay Niya at pagkatapos ay magsasabi siya: Ako ang Hari; nasaan na ang mga hari ng daigdig?"*** Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

Ang isang Muslim, kapag naniniwala ito sa mga katangian ni Allah at inilararawan niya si Allah sa pamamagitan ng mga katangian Niya, ay hindi maniniwala kailanman at hindi sasagi sa isipan nito na ang Kamay ni Allah, halimbawa, ay nakawawangis ng kamay ng isang nilikha, sa anumang kahulugan ng mga pagpapakahulugan *sa salitang kamay* bukod pa sa *pagkakatulad lamang* ng katawagan.[7] Nagsabi si

---

[6] Nagpapahiwatig ang Hadith na ito na ang pagtawa ay isa sa mga katangian ni Allah. Ang dalawang taong pumatay at napatay ay kapwa papasok sa Paraiso sapagkat ang napatay ay mananampalataya sa Islam at ang pumatay ay sumampalataya rin sa Islam bago namatay.

[7] Ang kamay ng tao ay tinawag na "kamay" at ang Kamay ni Allah ay tinatawag rin na "kamay;" subalit ang pagkakatulad na namamagitan

Allah (42:11): **"Walang anumang katulad sa Kanya, at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakakikita."**

## Ang Pag-ibig sa mga Sahabí[8]

Naniniwala ang Muslim sa pagkaisinatungkulin na ibigin ang mga sahábí (RA) ng Sugo (SAS) at ang mag-anak niya, sa kalamangan nila sa iba pang mga Mananampalataya at mga Muslim, at na sila ay nagkakaiba sa kalamangan at kataasan ng antas alinsunod sa kung gaano kaaga ang pagyakap nila sa Islam. Ang pinakamainam sa kanila ay ang apat na mga matuwid na Khalífah, pagkatapos ay ang sampung tao na binalitaan ng tiyak na pagpasok sa Paraiso. Ang sampung ito ay binubuo ng apat na matuwid na Khalífah at sina Talhah ibnu 'Ubaydulláh, az-Zubayr ibnu al-'Awwám, Sa'd Ibnu Abí Waqqás, Sa'íd ibnu Zayd, Abú 'Ubaydah 'Ámir Ibnu al-Jarah at 'Abdurrahmán ibnu 'Awf. Pagkatapos nila ay ang mga nikapaglaban sa Badr. Pagkatapos ay ang mga binalitaan ng tiyak na pagpasok

---

sa kamay ng tao at Kamay ni Allah ay sa katawagan lamang at maliban pa roon ay wala nang pagkakatulad ang nabanggit na mga kamay.

[8] Ang sahábí ay isang Kasamahan ni Propeta Muhammad (SAS). Ang sinumang nakakita kay Propeta Muhammad (SAS), naniniwala sa kanya at namatay na isang Muslim ay isang sahábí. Ang pangmaraihan (plural) nito ay sahábah o ashháb.

sa Paraiso bukod pa sa sampung nabanggit, tulad ni Fáṯimah az-Zahrá’, ang dalawang anak nito na sina H̲asan at H̲usayn, sina Thábit ibnu Qays, Bilál ibnu Rabáh̲ at iba pa.

Naniniwala ang Muslim sa pagkaisinatungkulin ng pagpipitagan at paggalang sa mga pinuno ng Islam. Sila ang mga pinuno sa Relihiyon, gaya ng mga qári’, mga faqíh, mga muh̲addith at mga mufassir na kabilang sa mga Tábi‘[9] at mga tagasasunod ng mga ito, kalugdan nawa silang lahat ni Allah.

Naniniwala ang Muslim sa pagkaisinatungkulin ng pagtalima sa mga **tagapamahala ng kapakanan ng mga Muslim**,[10] ng paggalang sa kanila, ng pakikibaka kasama nila at ng pagiging h̲arám na maghimagsik laban sa kanila. Dahil doon, kinakakailangan gampanan ng isang Muslim para sa lahat ng na nabanggit na ito ang sumusunod na mga laang kaasalan. Para sa mga s̲ah̲ábí ng Propeta (SAS) at mga kasambahay niya:

- Iibigin nito sila alang-alang sa pag-ibig sa kanila ni Allah at ng Sugo Niya (SAS).

---

[9] Mga Tagasunod ng mga S̲ah̲ábí. Sila ang mga Muslim na nakakita sa isang S̲ah̲ábí.

[10] Ang **tagapamahala ng kapakanan ng mga Muslim** ay ang mga pinuno ng isang islamikong bansa o ang mga kinikilalang pinunong panrelihiyon ng mga Muslim.

- Maniniwala ito sa kalamangan nila sa iba sa kanila na mga Mananampalataya at mga Muslim dahil ang sabi ni Allah (9:100): **"Ang mga nauna na Nangunguna na mga Lumikas at ang mga Tumulong at ang mga sumunod sa kanila nang maigi, nalulugod sa kanila si Allah at nalulugod sila sa Kanya."** at dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Huwag ninyong laitin ang mga Sahábí ko sapagkat tunay na ang isa sa inyo kahit pa gumugol ng [singlaki ng bundok ng] 'Uhud na ginto ay hindi maaabot ang mudd*[11] *[ng kawanggawa] ng isa sa kanila, ni kalahati nito."*** Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud.
- Ituturing nito nang lubusan na si Abú Bakr as-Siddíq ang pinakamainam sa mga Sahabi, pagkatapos ay si 'Umar, pagkatapos ay si 'Uthmán, pagkatapos ay si 'Alí. Nagsabi ni Ibnu 'Umar (RA): "Sinasabi namin noon nang nabubuhay pa ang Propeta (SAS): Si Abú Bakr, pagkatapos ay si 'Umar, pagkatapos ay si 'Uthmán, pagkatapos ay si Alí. Nakarating iyon sa Propeta (SAS) at hindi niya minasama iyon." Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.
- Magpipigil ito na banggitin ang mga kapintasan nila at magsasawalang-kibo ito sa mga salungatang naganap sa pagitan nila.

---

[11] Isang dakot ng dalawang kamay.

- Maniniwala ito na ang mga maybahay ni Propeta Muhammad (SAS) ay harám mapangasawa ng sinuman,[12] na sila ay mga malinis na babae at mga *mubarra'ah*[13] at ituturing niyang ang pinakamainam sa kanila ay si Khadíjah bint Khuwaylid at 'Á'ishah bint Abí Bakr.

## Ang mga Pinuno sa Islam

Ang mga pinuno sa Islam ay ang tulad ng mga Qári', mga Muhaddith at mga Faqíh. Ganito ang magiging saloobin sa kanila:

- Iibigin nito sila, idadalanging kaawaan sila ni Allah at kikilalanin ang kanilang kagalingan.
- Hindi nito babanggitin sila kung hindi sa mabuti, hindi nito pipintasan sila sa salita man o sa palagay, dapat nitong malaman na sila ay mga matapat na mujtahid,[14] pangingibabawin nito ang pananaw nila sa pananaw ng mga dumating pagkatapos nila at hindi nito isasaisang-tabi ang salita nila maliban kung salungat sa salita ni Allah o salita ng Sugo Niya o salita ng mga sahábí ng Sugo—kalugdan silang lahat ni Allah.

---

[12] Ang mga maybahay ni Propeta Muhammad (SAS) ay mga ina ng mga Muslim: **"Ang mga maybahay niya ay mga ina nila."** (33:6).
[13] Pinatunayan ni Allah na sila ay mga mararangal na babae.
[14] Nagsisikap na alamin ang tama at katotohanan.

- Maniniwala ito na ang tinipon ng apat na Imám na sina Málik, ash-Sháfi‘í, A_h_mad at Abú _H_anífah, at ang sinabi nila na mga usaping kaugnay sa Relihiyon, Fiqh at Sharí‘ah ay hinango mula sa Aklat ni Allah at sa Sunnah ng Sugo Niya (SAS). Wala silang ipinahayag maliban pa sa naunawaan nila mula sa dalawang batayan na ito o sa hinulo nila mula sa dalawang ito o sa ginawang pangangatuwiran batay sa dalawang ito.
- Isasaalang-alang niya na sila ay mga tao na tumatama at nagkakamali. Maaaring magkamali ang isa sa kanila sa pagtamo sa katotohanan kaugnay sa isa sa mga usapin, hindi dahil sa pagkukusa at pagsasadya —ilayo sila ni Allah sa gayong gawa—kundi dahil sa pagkaligta at pagkalimot o kawalan ng lubos na kaalaman. Dahil dito, ang isang Muslim ay hindi bulag na sumasang-ayong sa pananaw ng isa lamang sa kanila nang hindi isinasaalang-alang ang iba pa, bagkus dapat niyang tanggapin din ang alinman sa kanila.

## Ang mga Tagapamahala sa Kapakanan

- Ituturing ng isang Muslim na tungkuling tumalima sa kanila dahil ang sabi ni Allah (4:59): **"O mga sumampalataya, tumalima kayo kay Allah at tumalima kayo sa Sugo at sa mga may kapamahalaan sa inyo."** at dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Dinggin ninyo at tumalima kayo kahit pa man pamunuan kayo ng isang aliping taga-Ethiopia, na ang [buhok ng] ulo niya ay parang pasas."*** Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí. Gayunpaman, hindi niya itinuturing na [tungkuling] tumalima sa kanila [kung ang ipinag-uutos nila ay] sa pagsuway kay Allah dahil ang pagtalima kay Allah ay inuuna kaysa sa pagtalima sa kanila. Sinabi ng Sugo (SAS): ***"Walang pagtalima sa isang nilikha sa pagsuway sa Tagapaglikha."***
- Ituturing niyang ipinagbabawal ang maghimagsik laban sa kanila o ang magpahayag ng pagsuway sa kanila sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Ang sinumang may isang bagay na kinasusuklaman sa pinuno niya ay magtiis-tiis; sapagkat tunay na ang sinumang maghimagsik laban sa tagapamahala ng kahit isang dangkal ay mamamatay na tulad ng pagkamatay sa panahon ng kamangmangan."***

- Na ipananalangin nito na makamit nila ang mabuti, ang katumpakan, ang patnubay at ang pangangalaga ni Allah laban sa masama, yamang ang kabutihan ng sambayanang Muslim ay nakasalalay sa kabutihan nila at ang katiwalian nito ay nakasalalay rin sa katiwalian nila.
- Na makikibaka siya kasama nila at magdadasal kasabay nila kahit pa man nagpakasama sila at gumawa sila ng mga ipinagbabawal na mababa sa kawalan ng pananampalataya. Ito ay sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS) sa isang nagtanong sa kanya hinggil sa pagtalima sa may kapamahalaan: ***"Dinggin ninyo at tumalima kayo; sapagkat pananagutan nila ang iniatang sa kanila at pananagutan ninyo ang iniatang sa inyo."*** Isinalaysay ito ni Imam Muslim. Ito rin ay sapagkat ang sabi ng sahábí na si 'Ubádah ibnu Sámit (RA): "Nangako kami sa Sugo ni Allah ng katapatan sa pagkinig at pagtalima sa sandali ng luwag ng kalooban namin at bigat ng kalooban namin, ng kagipitan namin at kaginhawan namin at na hindi namin aagawan ng kapamahalaan ang may karapatan dito." Sinabi naman niya (SAS): ***"Maliban kung makakita kayo ng hayagang kawalan ng pananampalataya na mayroon na kayong katunayan mula kay Allah."***

## Ang Saloobin kay Allah

Tatanawin ng isang Muslim [na utang na loob] ang kaloob ni Allah sa kanya na mga biyayang hindi mabilang na pumuspos sa Kanya mula noong sandali ng pangungunyapit niya sa sinapupunan ng ina niya at umaalinsabay sa kanya hanggang sa makakaharap niya ang Panginoon niya. Kaya naman nagpapasalamat siya kay Allah sa pamamagitan ng dila niya sa pamamagitan ng pagpapapuri sa Kanya at pagbubunyi sa Kanya, at sa pamamagitan ng mga bahagi ng katawan niya sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito sa pagtalima sa Kanya. Ito dapat ang saloobin kay Allah, yayamang hindi kagandahang-asal ang di-pagtanaw ng utang na loob sa mga tinatamasang biyaya at ang pagkakaila sa kagandahang-loob ng Tagapagbiyaya. Nagsabi si Allah (16:53): **"Ang anumang biyaya na nasa inyo ay buhat kay Allah;"** sinabi pa Niya (14:34): **"Kung iisa-isahin mo ang biyaya ni Allah, hindi mo mabibilang ang mga ito."** Sinabi pa Niya (2:152): **"Kaya alalahanin ninyo Ako, alalahanin Ko kayo; at magpasalamat kayo sa Akin at huwag ninyong ikaila ang biyaya Ko."**

Pinagmuni-munian ng isang Muslim ang kaalaman ni Allah sa kanya at ang pagmamasid Niya sa kanya sa lahat ng kalagayan niya. Kaya naman napupuno ang

puso niya ng takot sa Kanya at ang kaluluwa niya ng pagpipitagan at pagdakila sa Kanya, kaya ikinahihiya niyang suwayin Siya at nahihiya siyang maghimagsik sa pagtalima sa Kanya. Ito dapat ang saloobin kay Allah, yamang hindi kagandahang-asal na hayagang ipakita ng isang alipin sa Panginoon niya ang mga pagsuway o na suklian Siya ng mga kasamaan at mga kasagwaan, gayong Siya ay nakamasid sa kanya. Nagsabi si Allah (16:19): **"Si Allah ay nakaaalam sa anumang inili-lihim ninyo at anumang inihahayag ninyo."**

Isasaisip ng isang Muslim si Allah na nagtakda ng kapalaran niya, na hindi Siya matatakasan, na hindi Siya malulusutan, na hindi Siya maliligtasan at walang madudulugan palayo sa Kanya nang hindi hahantong sa Kanya. Kaya sa Kanya siya dumudulog: ihinahabilin niya sa Kanya ang kapakanan niya at nananalig siya sa Kanya. Ito ang saloobin niya sa Panginoon niya at Tagapaglikha niya, yamang hindi mabuting saloobin ang tumakas sa isang hindi matatakasan, ni ang manalig sa isang walang kakayahan, ni ang umasa sa isang walang kapangyarihan at walang lakas. Nagsabi si Allah (11:56): **"Walang nabubuhay na hindi Niya hinahawakan ang buhok sa bambunan nito."** Ang sabi pa Niya (5:23): **"at kay Allah ay manalig kayo kung kayo nga ay mga mananampalataya."**

Pakaiisip-isipin ng isang Muslim ang Awa ni Allah sa kanya at sa lahat ng nilikha, kaya pakahahangarin niya ang karagdagan niyon. Magsusumamo siya sa Kanya ng isang dalisay na pagsusumamo at dalangin. Ipanlalapit niya sa Kanya ang mabuting salita at ang matuwid na gawa. Ito ang magiging saloobin niya kay Allah, yayamang hindi mabuting saloobin ang kawalan ng pag-asa sa pagtamo ng karagdagang awa buhat sa Kanya na sumasaklaw sa bawat bagay, ni ang paglaho ng pag-asa sa kagandahang-loob Niya na naghahari sa lahat ng nilikha. Nagsabi si Allah (7:156): **"Ang awa Ko ay sumaklaw sa bawat bagay."** at nagsabi pa Siya (39:53): **"huwag kayong mawalan ng pag-asa sa awa ni Allah;"**

Pakaiisip-isipin ng isang Muslim ang tindi ng parusa ng Panginoon niya at lakas ng paghihiganti Niya kaya mangingilag siyang magkasala sa Kanya sa pamamagitan ng pagtalima sa Kanya at hindi pagsuway sa Kanya. Ito dapat ang saloobin niya kay Allah, yayamang hindi magandang saloobin na tutulan ng isang aliping mahina na walang kakayayahan sa pamamagitan ng pagsuway at paglabag sa katarungan ang Panginoon na Maka-pangyarihan, na Nakakakaya, na Malakas at Nananaig, gayong nagsasabi Siya (13:11): **"Kapag naghangad si Allah sa mga tao ng isang kapahamakan, walang makapagtutulak niyon. Wala na silang tagatang-**

**kilik bukod pa sa Kanya."** at sinasabi pa Niya (85:12): **"Tunay na ang parusa[15] ng Panginoon mo ay talagang matindi."**

Isasaalang-alang ng isang Muslim si Allah sa pagsuway niya sa Kanya at sa paghihimagsik niya sa pagtalima sa Kanya, at na para bagang ang banta Niya ay umabot na sa kanya at ang parusa Niya ay dumapo na sa kanya. Isasaalang-alang niya Siya sa pagtalima niya sa Kanya at pagsunod sa patakaran Niya, at na para bang ang pangako Niya ay nagkatotoo na sa kanya at na para bagang ang hadlang sa ikasisiya Niya ay inalis na Niya sa kanya. Ito ang mabuting palagay ng isang Muslim kay Allah yayamang hindi mabuting saloobin na maging masama ang palagay ng tao kay Allah: susuway siya sa Kanya, maghihimagsik siya sa pagtalima sa Kanya, at mag-aakala na Siya ay hindi nagmamasid sa kanya ni magpapanagot sa kanya sa kasalanan niya, gayong Siya ay nagsasabi (41:22-23): **"subalit inakala ninyo na si Allah ay hindi nakaaalam sa marami sa ginagawa ninyo noon. Iyon ay ang pag-aakala ninyo na inakala ninyo sa Panginoon ninyo. Nagpahamak ito sa inyo, kaya kayo ay naging kabilang sa mga nalulugi."** Hindi mabuting saloobin kay Allah na ang tao ay mangingilag magkasala sa

[15] *O* paghihiganti.

Kanya at tatalima sa Kanya ngunit ipagpapalagay nito na Siya ay hindi maggagantimpala sa magandang ginawa nito at Siya ay hindi tatanggap ng pagtalima nito at pagsamba nito sa Kanya, gayong Siya ay nagsasabi (24:52): **"Mga tumatalima kay Allah at sa Sugo Niya natatakot kay Allah at nangingilag na magkasala sa Kanya ay ang mga iyon ang mga magtatagumpay."**

## Ang Buod sa Saloobin Kay Allah

Ang pasasalamat ng isang Muslim sa Panginoon niya sa mga pagpapala Niya, ang pagkahiya niya sa Kanya sa sandaling magkahilig na sumuway sa Kanya, ang katapatan ng pagbabalik-loob niya sa Kanya, ang pananalig sa Kanya, ang pag-asa sa awa Niya, ang pangamba sa paghihiganti Niya, at ang magandang palagay sa Kanya sa pagpapatupad sa pangako Niya at pagganap sa banta Niya sa kaninumang loobin Niya sa mga lingkod Niya, ang mga ito ang saloobin niya kay Allah. Alinsunod sa pagsunod niya sa saloobing ito at pangangalaga niya rito ay umaangat ang antas niya, tumataas ang kalagayan niya, nagiging mataas ang pagtingin sa kanya [ni Allah], at nagiging dakila ang antas niya.

## Ang Saloobin sa Salita ni Allah

Sumasampalataya ang isang mananampalataya sa kabanalan ng Salita ni Allah, karangalan nito at kainaman nito sa ibang pang mga salita; na ang Qur'an ay Salita ni Allah. Ang sinumang ipangsalita sa nito ay nagsasabi ng totoo at ang sinumang ipanghatol ito ay nagiging makatarungan; na ang mga tagatangkilik ng Qur'an ay siyang mga tinangkilik ni Allah at mga itinatangi Niya, ang mga sumusunod dito ay mga maliligtas at magtatagumpay at ang mga lumalayo rito ay mga mapahahamak at talunan. Sinasabi noon ng Sugo (SAS): ***"Bigkasin ninyo ang Qur'an sapagkat ito ay darating sa Araw ng Pagkabuhay na isang tagapamagitan sa tumatangkilik dito."*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Ang sabi pa niya (SAS): ***"Ang mga tagatangkilik ng Qur'an ay mga tinatangkilik ni Allah at mga itinatangi Niya."*** Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí. Ang sabi pa Niya (SAS): ***"Tunay na ang mga puso ay talagang kinakalawang tulad ng pangangalawang ng bakal."*** May nagsabi: "Sugo ni Allah, at ano po ang nagpapakinang dito?" kaya nagsabi siya: ***"Ang pagbigkas ng Qur'an at ang pag-aalaala sa kamatayan."***

Dahil dito ang isang Muslim—karagdagan pa sa pagtuturing niya na halal ang halal na nabanggit sa Qur'an at sa pagtuturing niya na haram ang nabanggit

doon na haram, sa pagsunod niya sa mga alituntuning nabanggit doon at sa pag-asal niya ng mga kaasalang nabanggit doon—siya ay sumusunod sa sumusunod na kaasalan kapag bumibigkas niyon:

- Na bibigkasin niya ito habang nananatili pa ang taһárah, nakaharap sa Qiblah, at nakaupo nang maayos at mataimtim;
- Na marahan niyang bibigkasin ito at hindi siya magmamadali sa pagbigkas nito, kaya naman hindi niya bibigkasin ito sa loob ng mababa pa sa tatlong araw dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Ang sinumang bumigkas ng Qur'an sa loob ng mababa pa sa tatlong araw, hindi niya mauunawaan ito."***
- Na pananatiliin niya ang kataimtiman sa pagbigkas nito;
- Na pagagandahin niya ang tinig niya sa pagbigkas nito dahil ang sabi niya (SAS): ***"Gayakan ninyo ang Qur'an sa pamamagitan ng mga tinig ninyo."*** Isinalaysay ito nina Imám Abú Dáwud at Imám an-Nasá'í;
- Na paiikliin niya ang pagbigkas kung natatakot siya para sa sarili niya na makagawa ng pagpapakitang-tao o makagambala sa nagdarasal;
- Na bibigkasin niya ito nang may kalakip na pagnilay-nilay, konsentrasyon at pag-unawa sa mga kahulugan at mga lihim nito;

- Na sa pagbigkas niya ng Qur'an ay hindi siya isa sa mga nakaliligta at mga sumasalungat sa Qur'an yamang ito ay maaaring maging dahilan sa pagsumpa ng sarili niya ng mismong sarili niya dahil kung binigkas niya ang áyah na ito (3:61): **"pagkatapos ay dumalangin tayo at ipalagay natin ang sumpa ni Allah sa mga nagsisinungaling."** o ang áyah na ito (11:18): **"Pakaalamin, ang sumpa ni Allah ay ukol sa mga lumalabag sa katarungan?"** at siya ay sinungaling o lumalabag sa katarungan, siya na rin ang magiging tagasumpa sa sarili niya.
- Na magsisikap siyang magtaglay ng mga katangian ng mga tagatangkilik ng Qur'an na mga tinangkilik ni Allah at mga itinangi Niya.

## Ang Saloobin sa Sugo ni Allah (SAS)

Nadarama ng isang Muslim sa kaibuturan ng sarili niya ang pagkaisinatungkulin na magkakaroon ng ganap na mabuting saloobin sa Sugo ni Allah (SAS). Iyon ay dahil sa mga sumusunod na kadahilanan:

- Na ginawa na ni Allah na tungkulin para sa bawat lalaki at babaeng mananampalataya ang magkaroon ng mabuting saloobin sa Propeta (SAS). Nasasaad iyon sa sabi Niya (49:1): **"O mga sumampalataya, huwag ninyong pangunahan si Allah at ang Sugo**

**Niya"** at sa isa pang sinabi Niya (49:2): **"O mga sumampalataya, huwag ninyong itaas ang mga tinig ninyo nang higit pa sa tinig ng Propeta at huwag ninyong lakasan ang pakipag-usap sa kanya katulad ng malakas na pakikipag-usap ng isa't isa sa inyo sapagkat mawawalan ng saysay ang inyong mga gawa nang hindi ninyo nararamdaman."**

- Na si Allah ay nag-obliga sa mga mananampalataya na tumalima sa kanya at ginawa rin Niya na isang tungkulin ang pagmamahal sa kanya, kaya naman nagsabi Siya (47:33): **"O mga sumampalataya, tumalima kayo kay Allah at tumalima kayo sa Sugo"** at nagsabi pa Siya (59:7): **"Ang anumang ibigay sa inyo ng Sugo ay kunin ninyo ito, at ang anumang ipagbawal sa inyo ng Sugo ay tigilan ninyo ito."** Ang sabi pa Niya (3:31): **"Sabihin mo: "Kung minamahal nga ninyo si Allah ay sundin ninyo ako; mamahalin kayo ni Allah at magpapatatawad Siya sa inyo sa mga pagkakasala ninyo."** Nagsabi naman ang Sugo (SAS): ***"Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, hindi talaga sumasampalataya ang sinuman sa inyo hangga't hindi ako ang higit na mahal sa kanya kaysa sa anak niya, magulang niya at sa***

***lahat ng mga tao."*** Napagkaisahan sa katumpakan ang Hadíth na ito.

Subalit papaano magkakaroon ng mabuting saloobin sa Sugo (SAS)? Iyon ay sa pamamagitan ng ano?

- Iyon ay sa pamamagitan ng pagtalima sa kanya at pagsunod sa kanya sa lahat ng gawaing pangmundo at pangrelihiyon;
- Na hindi pahihigitin sa pagmamahal sa kanya, sa pagpipitagan sa kanya at sa pagdakila sa kanya ang pagmamahal o ang pagpipitagan o ang pagdakila sa ibang nilalang maging sino man iyon;
- Ang pagkampi sa sinumang kumakampi sa kanya at ang pagkalaban sa sinumang kumakalaban sa kanya, at ang masiyahan sa ikinasisiya niya at ang magalit sa ikinagagalit niya.
- Ang pagpipitagan sa kanya kapag nabanggit siya at ang pagdalangin para sa kanya (sa pamamagitan ng pagsabi ng *sallalláhu 'alayhi wa sallam* o anumang katulad nito);
- Ang maniwala sa kanya sa ipinabatid niya hinggil sa bagay-bagay kaugnay sa Relihiyon at makalupang pamumuhay at sa bagay-bagay hinggil sa *ghayb*[16] hinggil sa buhay sa mundo at sa Kabilang-buhay;

[16] Ang anumang bagay o pangyayaring **Nakalingid** sa mata o kaalaman ng tao gaya ng mga angel na hindi nakikita ng tao at ng wakas ng mundo na hindi rin nalalaman ng tao kung kailan mangyayari.

- Ang pagsasabuhay ng sunnah niya, ang pagpapairal sa Batas na ipinahayag sa kanya, ang pagpaparating ng paanyaya niya at ang pagpapatupad ng tagubilin niya.

## Ang Saloobin ng Isang Muslim sa Sarili

Naniniwala ang isang Muslim na ang kaligayahan niya sa mundo at Kabilang-buhay ay nakasalalay sa pagdidisiplina niya sa sarili niya at paglilinis nito sa kasalanan. Nagsabi si Allah (91:9-10): **"Nagtagumpay na nga ang sinumang naglinis nito[17] sa kasalanan, at nabigo na nga ang sinumang nagpaparumi nito."** Sinabi Niya (103:1-3): **"Sumpa man sa panahon, tunay na ang tao ay nasa kapahamakan; maliban sa mga sumampalataya at gumawa ng mga matutuwid at nagpayuhan *na sumunod* sa katotohanan at nagpayuhan na magtiis."** Nagsabi naman ang Sugo (SAS): ***"Ang lahat ng mga tagasunod ko ay papasok sa Paraiso, maliban sa umayaw."*** May nagsabi: "Sino po naman ang aayaw, Sugo ni Allah?" Sinabi niya: ***"Ang sinumang tumalima sa akin ay papasok sa Paraiso***

[17] Sa sarili o kaluluwa.

***at ang sinumang sumuway sa akin ay umayaw na nga."*** Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

Naniniwala rin ang isang Muslim na ang naglilinis at ang nagpapadalisay sa sarili o kaluluwa sa kasalanan ay ang pananampalataya lamang at na ang nagpaparumi at ang gumagawang tiwali sa sarili ay ang kawalan ng pananampalataya at ang mga pagsuway. Nagsabi si Allah (11:114): **"Isagawa mo ang pagdarasal sa dalawang dulo ng maghapon at sa isang bahagi ng gabi. Tunay na ang mga gawang mabuti ay nag-aalis sa mga gawang masama."** Nagsabi pa Siya (83:14): **"Aba'y hindi; bagkus ay bumalot sa mga puso nila ang mga *kasalanang* pinaggagawa nila noon."**

Alang-alang dito ay kumikilos palagi ang isang Muslim sa pagdidisiplina ng sarili niya at paglilinis nito sa kasalanan. Kaya naman pinagpupunyagian niya ang sarili niya na gumawa ng kabutihan at lumayo sa kasamaan sa gabi't araw, tinutuos niya ito sa bawat sandali, inuudyukan niya ito sa paggawa ng mabubuti at hinihimok niya ito na tumalima. Ibinabaling niya rin ito palayo sa kasamaan at katiwalian. Dahil doon ay sinusunod niya ang mga sumusunod na hakbang:

**1. Ang Pagbabalik-loob**

Ang ibig sabihin nito ay ang pagtalikod sa lahat ng kasalanan at pagsuway, ang pagsisi sa bawat nagdaang kasalanan, at ang pagtitika na hindi na manunumbalik sa kasalanan sa hinaharap. Nagsabi si Allah (66:8): **"O mga sumampalataya, magbalik-loob kayo kay Allah nang may tapat na pagsisi; baka ang Panginoon ninyo ay magtakip sa inyo sa mga gawang masama ninyo at magpapasok sa inyo sa mga Hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog."** Ayon naman sa sinabi ng Sugo (SAS): ***"Tunay na si Allah ay nag-aabot ng kamay Niya sa gabi upang makapagsisi ang nakagagawa ng masama sa araw at iniaabot Niya ang kamay Niya sa araw upang makapagsisi ang nakagagawa ng masama sa gabi. Ginagawa Niya ito hanggang sa bago sumisikat ang araw sa kanluran nito."*** Itinala ito ni Imám Muslim.

**2. Ang Pagsasaalang-alang**

Isinasaalang-alang ng isang Muslim ang Panginoon niya sa bawat sandali ng buhay niya dahil nalalaman niya na si Allah ay nakamasid sa kanya at nakaaalam sa lihim niya at sa inihahayag niya. Sa pamamagitan niyon ang kaluluwa ay nakatitiyak sa pagpansin ni Allah dito, nakadarama ng kapalagayang-loob sa paggugunita sa Kanya, nakasusumpong ng kaginhawahan sa pagtalima

sa Kanya, nakatuon sa Kanya at umiiwas sa iba pa sa Kanya. Ito ang kahulugan ng pagsusuko ng sarili sa sabi ni Allah (4:125): **"Sino pa ang higit na magaling sa pananampalataya kaysa sa kanya na nagsuko ng sarili niya kay Allah, habang siya ay gumagawa ng magaling,"** Ito rin ang diwa ng binanggit ni Allah sa isa pang sabi Niya (10:61): **"Wala kang pinagka-kaabalahan, wala kang binibigkas na anuman mula sa Qur'an at wala kayong ginagawa na anumang gawain na hindi Kami saksi noong isinasagawa ninyo iyon."** at ng sabi ng Sugo (SAS): ***"Na sasambahin mo si Allah na para bagang nakikita mo Siya; at kung hindi mo man siya nakikita, tunay na Siya ay nakakikita sa iyo."***

### 3. Ang Pagtutuos

Yamang ang Muslim ay gumagawa sa buhay na ito sa gabi't araw para sa ikaliligaya niya sa Tahanan sa Kabilang-buhay at para sa ikapagiging karapat-dapat niya sa kasaganaan doon at sa lugod ni Allah doon, at yamang ang buhay sa mundo ay ang panahon ng paggawa niya. Tungkulin niyang bigyang-pansin ang mga faríd̲ah[18] na kailangan niyang isagawa gaya ng pagbibigay-pansin ng isang mangangalakal sa puhunan

[18] Gawaing panrelihiyon na kailangang gampanan, na ginagantimpalaan ni Allah ang pagsasagawa at pinarurusahan ang hindi pagsasagawa.

nito, at bigyang-pansin din niya ang mga náfilah[19] gaya ng pagbibigay-pansin ng isang mangangalakal sa mga tubo nito na lumabis sa puhunan. Samantala, ituturing naman niya ang mga kasalanan at mga pagsuway na gaya ng kalugian sa pangangalakal. Pagkatapos ay mag-iisa siya sa tuwi-tuwina upang tuusin ayon sa nabanggit ang sarili niya sa nagawa sa isang araw niya. Kung nakakita siya ng kakulangan sa pagsasagawa sa mga farídah, sisisihin at pagagalitan niya ang sarili niya at sisikapin niyang ituwid iyon kaagad. Kaya kung iyon ay kabilang sa magagawan ng Qadá'[20] ay gagawan iyon ng Qádá'. Kung iyon ay hindi magagawan ng Qádá', pupunan niya iyon sa pamamagitan ng pagpaparami ng pagsasagawa ng mga náfilah. Kung nakakita siya ng kakulangan sa pagsasagawa ng mga náfilah, tutumbasan ang kakulangan at pagpupunan iyon. Kung makakita siya ng kasiraan dahil sa paggawa ng ipinagbabawal; hihingi siya ng kapatawaran, magsisisi siya, magbabalik-loob at gagawa ng kabutihang sa tingin niya ay mag-aayos sa nasira niya. Ito ang ibig sabihin ng pagtutuos sa sarili. Ang ilan sa mga patunay nito ay ang sabi ni Allah (59:18): **"O mga tao, mangilag kayong magkasala**

[19] Gawaing panrelihiyon na may nakalaang gantimpala kay Allah bagamat hindi farídah at walang nakalaang kaparusahan kapag hindi naisagawa.
[20] Pagsasagawa ng mga nakaligtaang pagsamba, gaya ng *saláh* at pag-aayuno, sa ibang araw bilang kabayaran.

**kay Allah. Pagmasdan ng tao ang nagawa niya para sa kinabukasan. Pangilagan ninyo na masuway si Allah; tunay na si Allah ay Nakababatid sa anumang ginagawa ninyo.”** Nagsabi naman si ‘Umar ibnu al-Khattáb (RA): “Tuusin ninyo ang inyong mga sarili bago kayo tuusin.”

**4. Ang Pagpupunyagi**

Iyon ay ang malaman ng isang Muslim na ang pinakamatindi sa mga kaaway niya ay ang sarili niya at na ito ay likas na mahiligin sa masama, palaiwas sa mabuti at palautos sa paggawa ng masama. Naiibigan nito ang kaginhawahan at nahahalina ito sa mga hilig na masama kahit pa man nagmumula sa mga ito ang kasawian nito. Kaya kapag natalos ng isang Muslim iyon, pagpupunyagian niya ang sarili niya na gumawa ng mga mabuti at layuan ang mga masama. Nagsabi si Allah (29:69): **“Ang mga nakibaka alang-alang sa Amin ay talagang papatnubayan nga Namin sila sa Aming mga landas. Tunay na si Allah ay talagang kasama ng mga gumagawa ng magaling.”** Ito ang daan ng mga matutuwid at mga mananampalataya na nagpapakatotoo. Ang Sugo ni Allah ay nagsasagawa noon ng tahajjud hanggang sa mamanhid ang mga paa niya. Tinanong siya hinggil doon at sinabi niya: ***“Hindi ko ba iibigin na ako ay maging isang lingkod na mapagpasalamat?”***

## Ang mga Karapatan ng mga Magulang

Naniniwala ang isang Muslim sa karapatan ng mga magulang sa kanya at sa tungkuling magmabuting-loob sa kanila, sa pagtalima sa kanila at sa kabaitan sa kanila, hindi dahil sa sila ang dahilan ng pagsilang niya at hindi rin dahil sa sila ang nagkaloob sa kanya ng kagandahang-loob na nagsilbing dahilan kung kaya tungkulin niyang gantihan sila ng tulad niyon, bagkus dahil si Allah ay nag-obliga ng pagtalima sa kanila. Sinabi Niya (17:23): **"Iniatas ng Panginoon mo na wala na kayong sasambahin kundi Siya, at sa mga magulang ay magmabuting-loob."** Nagsabi naman ang Sugo (SAS): ***"Ibig ba ninyong ipabatid ko sa inyo ang pinakamalaki sa mga malalaking kasalanan?"*** Sinabi nila: "Opo, Sugo ni Allah." Sinabi niya: ***"Ang pagtatambal kay Allah at ang pagsuway sa mga magulang."*** Nagsabi naman si 'Abdulláh ibnu Mas'úd (RA): "Tinananong ko ang Propeta (SAS) kung aling mga gawain ang pinakaibig ni Allah kaya nagsabi siya: ***'Ang kabaitan sa mga magulang.'*** Pagkatapos ay nagsabi ako: 'Alin pa po?' kaya nagsabi siya: ***'Ang pakikibaka alang-alang sa Landas ni Allah.'***" Minsan ay may isang lalaking pumunta sa Sugo (SAS) upang humingi ng pahintulot sa kanya na lumahok sa Jihád

(pakikibaka) kaya nagsabi siya: ***"Buhay pa ba ang mga magulang mo?"*** Nagsabi ito: "Opo." Nagsabi siya: ***"Kaya alang-alang sa kanila ay makibaka***[21] ***ka."***"

Ang Muslim, kapag kinikilala niya ang karapatang ito ng mga magulang niya at lubos na ginagampanan ito bilang pagtalima kay Allah at pagpapatupad ng tagubilin Niya, susundin din niya ang sumusunod na mga kagandahang asal sa mga magulang niya:

1. Ang pagtalima sa kanila sa bawat ipinag-uutos nila o sinasaway nila na hindi naglalaman ng pagsuway kay Allah at pagsalungat sa Batas Niya, yayamang walang pagtalimang ukol sa isang nilikha alang-alang sa pagsuway sa Tagapaglikha sapagkat ang sabi Niya (31:15): **"Subalit kung magpupunyagi silang dalawa sa iyo na magtambal ka sa Akin ng anumang wala kang kaalaman hinggil doon ay huwag kang tumalima sa kanila, ngunit pakisamahan mo sila sa mundo ng nakabubuti."** at dahil ang sabi naman ng Sugo (SAS): ***"Walang pagtalimang ukol sa isang nilikha alang-alang sa pagsuway sa Tagapaglikha."***
2. Ang pagpipitagan sa kanila, ang pagmamabuting-asal sa kanila, ang pagiging magiliw at maawain sa kanila, ang pagpaparangal sa kanila sa gawa at sa

[21] Ibig sabihin: Magsikap kang paglingkuran ang mga magulang mo.

salita, hindi magtataas ng tinig nang higit sa tinig nila, hindi maglalakad sa unahan nila, hindi itatangi sa kanila ang asawa ni ang anak at hindi maglalakbay kung walang pahintulot at pagsang-ayon nila.

3. Ang kabutihang-loob sa kanila sa pamamagitan ng anumang makakayang mga uri ng kabutihang-loob at kagandahang-loob gaya ng pagsusustento sa kanila, pagpapadamit sa kanila, pagpapagamot sa sakit nila, pagsasanggalang sa kanila laban sa kapinsalaan at pag-aalay ng sarili para sa kanila.
4. Ang pananalangin, ang paghingi ng kapatawaran para sa kanila at ang pagpaparangal sa kaibigan nila.

## Ang mga Karapatan ng mga Anak

Kinikilala ng isang Muslim na ang anak ay may mga karapatan sa ama at napabibilang dito ang pagpili ng mabuting ina para sa anak, ang pagpapangalan ng maganda rito, ang paghahandog ng ‘aqíqah para rito sa ikapitong araw nito, ang pagpapatuli rito, ang pagiging maawain at mabait dito, ang paggugol para rito, ang mabuting pagpapalaki rito, ang pagbibigay-pansin sa edukasyon nito, ang paghubog dito, ang pagtuturo rito ng mga katuruan ng Islam at ang pagsasanay rito sa pagsagawa ng mga faríd̲ah, sunnah at mga alituntunin ng Islam, hanggang sa marating na nito ang edad ng

pag-aasawa nito. Pagkatapos ay papipiliin ito ng ama na manatili sa poder niya o magsarili ito. Ang lahat ng iyon ay batay sa mga sumusunod na patunay. Sinabi ni Allah (2:233): "**Ang mga ina ay magpapasuso sa mga anak nila sa loob ng dalawang buong taon: para sa sinumang nagnanais na lubusin ang pagpapasuso. Tungkulin ng ama ang pagtutustos sa *mga ina* at ang pagpapadamit sa mga ito alinsunod sa kung ano ang makatuwiran."** Ang sabi pa Niya (66:6): **"O mga sumampalataya, ipagsanggalang ninyo ang mga sarili ninyo at ang mga mag-anak niniyo sa Apoy na ang panggatong nito ay ang mga tao at ang mga bato,"** Ang sabi pa Niya (17:31): **"Huwag ninyong patayin ang mga anak ninyo dahil sa takot sa karalitaan; Kami ay magtutustos sa kanila at sa inyo;"** Ang sabi naman ng Sugo (SAS): ***"Ang bata ay tinutubos sa pamamagitan ng 'aqíqah na kinakatay para sa kanya sa ikapitong araw, pinapangalanan siya [sa araw na] iyon at inaahit ang ulo."*** Ang sabi pa niya: ***"Pagpantayin ang mga anak ninyo sa kakaloob."*** Ang sabi pa niya: ***"Pag-utusan ninyo ang mga anak ninyo na magsagawa ng <u>s</u>aláh kapag sila ay pitong taon na, paluin ninyo sila sa hindi pagsasagawa nito kapag sila ay sampung taon na at paghiwalayin ninyo sila sa mga higaan."***

## Ang Karapatan ng mga Kapatid

Itinuturing ng isang Muslim na ang kaasalan sa mga kapatid ay tulad ng kaasalan sa mga magulang at mga anak. Samakatuwid, tungkulin ng nakababatang mga kapatid na iukol sa mga nakatatandang kapatid nila ang tulad ng kaasalang inuukol nila sa mga magulang nila at tungkulin naman ng mga nakatatandang kapatid sa mga nakababatang kapatid nila na gampanan ang tulad sa mga tungkulin, mga obligasyon at mga kaasalang inuukol nila sa mga magulang nila. Iyon ay batay sa nasasaad sa Hadíth na ito: ***"Magmabuting-loob ka sa ina mo, pagkatapos ay sa ama mo, pagkatapos ay sa babaeng kapatid mo, pagkatapos ay sa lalaking kapatid mo at pagkatapos ay sa mababa sa iyo at sa mababa pa sa iyo."***

## Ang Karapatan ng Mag-asawa sa Isa't-isa

Kinikilala ng isang Muslim ang mga magkakatapat na kaasalan sa pagitan ng mag-asawa at ito ay mga tungkulin at mga karapatan ng bawat isa sa kanila sa kabiyak nito. Iyon ay batay sa sabi ni Allah (2:228): **"Sila *na mga babae* ay may karapatang tulad ng tungkulin nila ayon sa kung ano ang makatuwiran, subalit ang mga lalaki ay may kahigitan sa kanila**

**na isang antas** ***ng pananagutan."*** Ang áyah na ito ay nagpatunay sa pagkakaroon ng bawat isa sa mag-asawa ng mga tungkulin sa kabiyak nito at itinangi ng áyah na ito ang lalaki sa pagkakaroon ng dagdag na antas ng pananagutan ayon sa mga natatanging konsiderasyon. Gayon din sa sabi ng Sugo (SAS) sa Hajj ng Pamamaalam: ***"Hindi ba't tunay na kayo ay may tungkulin sa mga maybahay ninyo at ang mga maybahay ninyo ay may tungkulin din sa inyo."*** Gayon pa man, sa mga tungkulin at mga karapatang ito, ang ilan sa mga ito ay komun sa mag-asawa at ang ilan naman sa mga ito ay laan lamang sa bawat isa lamang sa kanila. Ang mga karapatan at tungkulin na komun ay ang sumusunod:

1. **Ang katapatan.** Kailangang ang bawat isa sa mag-asawa ay maging matapat sa kabiyak niya at hindi niya ito pagtataksilan nang minsan o nang madalas.
2. **Ang pagmamahalan at ang pagiging maawain.** Ang bawat isa sa kanila ay magkikimkim para sa kabiyak niya ng isang pinakamalaking makakayang wagas na pagmamahal at malawak na awa na pagsasaluhan nilang dalawa habang buhay bilang patotoo sa sabi ni Allah (30:21): **"Kabilang sa mga tanda Niya ay na lumikha Siya para sa inyo, mula sa mga sarili ninyo, ng mga kabiyak upang mapanatag kayo sa kanila at naglagay Siya sa pagitan ninyo ng pagmamahalan at awa."** at bilang patotoo

sa sinabi ng Sugo (SAS): ***"Ang sinumang hindi naaawa ay hindi kaaawaan."***

3. **Ang Tiwala sa Isa't-isa.** Ang bawat isa sa kanila ay magtitiwala sa kabiyak niya: hindi niya ito pag-iisipan ng katiting na pagdududa sa pagkatotoo nito, kawagasan nito at katapatan nito sa kanya. Batay ito sa sinabi ni Allah (49:10): **"Ang mga mananampalataya ay magkakapatid lamang;"** at sa sinabi ng Sugo: *"**Hindi sumasampalataya ang sinuman sa inyo hangga't hindi niya iibigin para sa kapatid niya ang naiibigan niya para sa sarili niya."*** Ang bigkis ng pag-aasawa ay nakadaragdag sa higpit, tibay at lakas ng kapatiran sa pananampalataya.
4. **Ang Pangkalahatang Kaasalan.** Kabilang dito ang kabaitan sa pakikitungo, ang kaaliwasan ng mukha, ang kagandahang-loob, ang pagpapahalaga at ang paggalang. Ito ay ang mga kaasalan sa mabuting pakikisama na ipinag-utos ni Allah na nasasaad sa sinabi Niya (4:19): **"Pakitunguhan ninyo sila ayon sa nakabubuti."** Ito ay ang pagpapayuhan sa paggawa ng kabutihang ipinag-utos ng Marangal na Sugo na nasaaad sa sabi niya: ***"Tanggapin ninyo ang mabuting tagubilin ko sa mga kababaihan."***

Tungkol naman sa mga Natatanging Tungkulin at mga Kaasalan na kailangang gampanan ng isa sa mag-asawa sa kabiyak niya, ang mga ito ay ang sumusunod:

## Ang mga Karapatan ng Maybahay

**1.** Na pakikisamahan niya ito ayon sa nakabubuti dahil ang sabi ni Allah (4:19): **“Pakitunguhan ninyo sila ayon sa nakabubuti.”** Samakatuwid, pakakainin niya ito kapag kumakain siya at padadamitan niya ito kapag may idinadamit siya. Huhubugin niya ito kapag pinangangambahan siya na suway nito, ayon sa ipinag-utos ni Allah na pamamaraan ng paghubog sa mga maybahay: pangangaralan muna niya ito nang walang kahalong panlalait ni panghahamak ni pamimintas at kung tumalima ito, iyon ay sapat na; at kung hindi naman ay hindi ito tatabihan sa pagtulog at kung pagkatapos niyon ay tumalima na ito, iyon ay sapat. Kung hindi pa rin, saktan ninyo ito: hindi sa mukha, hindi nakasasakit upang hindi makadugo ni makalatay sa katawan ni makasira ng anumang bahagi ng katawan. Batay ito sa sinabi ni Allah (4:34): **“Ang mga *babae* na pinangangambahan ninyo ang pagsuway nila ay pangaralan *muna* ninyo, at *kung tumanggi ay* layuan ninyo sila sa mga higaan, at *kung tumanggi pa rin ay* saktan ninyo sila. Kung tumalima na sila sa inyo ay huwag na kayong maghanap ng paraan *para makasakit* sa kanila.”** at batay rin sa sinabi ng Sugo (SAS) sa isang nagtanong kung ano ang karapatan

ng maybahay sa kanya, na ang sabi naman niya: ***"Na pakakainin mo ito kung kumakain ka, padadamitan mo ito kapag may idinadamit ka, huwag mong sasaktan ito sa mukha, huwag mong pintasan [ang anyo nito] at huwag iiwan kung hindi rin lamang sa bahay."*** Nagsabi pa ang Sugo (SAS): ***"Hindi ba ang karapatan nila [na mga maybahay] sa inyo [na mga asawa] ay na maging mapagbigay kayo sa kanila sa pananamit nila at pagkain nila?"*** at sabi pa niya: ***"Hindi kasusuklaman ng lalaking mananampalataya ang babaeng mananampalataya; kung kaiinisan niya ito sa isang pag-uugali [nito], kalulugdan naman niya ito sa iba [pang pag-uugali nito]."***

**2.** Na ituturo niya rito ang mga kailangang malaman sa Islam kung hindi nito nalalaman o pahintulutan niya ito na dumalo sa mga pag-aaral hinggil sa Islam upang matutunan nito iyon, yamang ang pangangailangan nito sa pagpapabuti ng pagsunod sa Islam ay hindi kakaunti sa kaysa sa pangangailangan nito sa pagkain at inumin. Nagsabi si Allah (66:6): **"O mga sumampalataya, ipagsanggalang ninyo ang mga sarili ninyo at ang mga mag-anak ninyo sa Apoy."**

**3.** Na oobligahin niya ito na gampanan ang mga aral ng Islam. Kaya pipigilin niya ito na lumabas sa bahay

na hindi nakasuot ng hijáb,[22] hahadlangan niyang makahalubilo ito sa mga hindi mahram nito at iba pa, yayamang ang lalaki ang tagapangalaga, ang may pananagutan at ang inatangan sa pag-iingat at pangangalaga sa maybahay niya. Sinabi ni Allah (4:34): **"Ang mga lalaki ay mga tagapangalaga ng mga babae"** at sinabi naman ng Sugo (SAS): ***"Ang lalaki ay tagapangalaga ng mag-anak niya at may pananagutan sa mga inaalagaan niya."***

## Ang mga Karapatan ng Asawa

Tungkulin ng isang maybahay sa asawa niya na gampanan ang mga sumusunod na mga tungkulin at mga kaasalan:

1. Ang pagtalima sa asawa kung hindi iyon magiging pagsuway kay Allah sapagkat ang sabi Niya (4:34): **"Kung tumalima na sila sa inyo ay huwag na kayong maghanap ng paraan *para makasakit* sa kanila."** Ang sabi naman ng Sugo (SAS): ***"Kapag inanyayahan ng lalaki ang maybahay niya sa higaan niya at hindi ito pumunta sa kanya kaya***

[22] Ang hijáb sa literal na kahulugan nito ay tabing. Ngunit ayon sa pakahulugan nito sa Batas ng Islam, ang hijáb ay ang pagsusuot ng kasuutang bumabalot sa buong katawan ng isang babae kapag nasa harap ng mga lalaking hindi Mahram. Ang Mahram ay ang asawa o ang taong hindi maaaring mapangasawa dahil malapit na kamag-anak.

***magdamag siyang galit dito, susumpain ito ng mga anghel hanggang sa mag-umaga."*** Napagkaisahan ang katumpakan ng Hadíth na ito. Ang sabi pa niya: ***"Kung mag-uutos ako sa isang tao na magpatirapa sa isa pa, talagang inutusan ko na sana ang babae na magpatirapa sa asawa niya."***

2. Ang pangangalaga sa reputasyon ng asawa, ang pag-iingat sa karangalan nito, at ang pangangalaga sa ari-arian nito, mga anak nito at sa lahat ng bagay-bagay sa tahanan nito sapagkat ang sabi ni Allah (4:34): **"Samakatuwid ang mga mabuting babae ay mga masunurin, mga tagapag-ingat kapag wala ang mga asawa yamang iningatan din *sila* ni Allah."** at dahil ang sabi rin ng Sugo (SAS): ***"Ang babae ay tagapangalaga ng bahay ng asawa niya at may pananagutan sa mga inaalagaan niya."***
3. Ang pananatili sa bahay ng asawa niya. Hindi siya lalabas ng bahay kung walang pahintulot at pagsang-ayon nito. Kapag nasa labas ng bahay ay hindi niya titingnan ang hindi dapat tingnan, ibababa niya ang tinig niya, pipigilan niya ang kamay niya sa paggawa ng masama, at pakikitunguhan niya nang mabuti ang mga kamag-anak nito. Sinabi ni Allah (33:33): **"Manatili kayo sa inyong mga tahanan at huwag ninyong itanghal ang inyong mga sarili gaya ng pagtatanghal ng sarili noong panahon ng**

**sinaunang kamangmangan.**” Ang sabi pa Niya (33:32): **“huwag kayong maging malamyos sa pananalita dahil baka magmithi ng mahalay ang taong ang puso niya ay may karamdaman”** Ang sabi pa Niya (4:7): **“Hindi naiibigan ni Allah ang hayagang pagbigkas sa masamang panalita,”** Ang sabi pa Niya (24:31): **“Sabihin mo sa mga babaeng mananampalataya na ibaba nila ang paningin nila, pangalagaan nila ang mga puri nila, huwag nilang ilitaw ang gayak nila maliban sa nakalantad na mula roon,”** Ang sabi naman ng Sugo: ***“Ang mainam sa mga maybahay ay ang kapag pinagmasdan mo siya ay ikinalulugod mo siya, kapag inutusan mo siya ay tumatalima siya sa iyo, at kapag nawala ka sa piling niya ay pinangangalagaan niya alang-alang sa iyo ang sarili niya at ang ari-arian niya.”***

## Ang Kaasalan sa mga Kamag-anak

Sinusunod ng isang Muslim para sa mga malayong kamag-anak niya at mga malapit na kamag-anak niya ang mismong kaasalang sinusunod niya sa pakikitungo sa mga magulang niya, mga anak niya at mga kapatid niya. Kaya ang kabaitan at kabutihang ipinakikitungo niya sa tiyahin niya sa ina at sa tiyahin niya sa ama ay

gaya ng ipinakikitungo niya sa ina niya, at ang kabaitan at kabutihang ipinakikitungo niya sa tiyuhin niya sa ama at tiyuhin niya sa ina ay gaya ng ipinakikitungo niya sa ama niya. Ang bawat may kaugnayan sa kanya sa pagkakamag-anak, mananampalataya o hindi mananampalataya, ay itinuturing niya silang mga kamag-anak na ang tungkulin niya sa kanila ay pananatilihin ang ugnayang pangmag-anak, ang maging mabuti sa kanila, at ang magmagandang-loob sa kanila. Kaya naman pinagpipitaganan niya ang nakatatanda sa kanila, kinaaawaan niya ang nakababata sa kanila, dinadalaw niya ang may-sakit sa kanila, inaalo niya ang dinatnan ng kasawian sa kanila, dinadamayan niya ang namimighati sa kanila, itinataguyod niya ang ugnayan sa kanila kahit pa man nilagot nila iyon, at mabait siya sa kanila kahit pa man mabagsik sila sa kanya. Ang lahat ng iyon ay alinsunod sa mga tagubilin ng Qur'an at mga Hadíth ng Sugo (SAS). Nagsabi si Allah (4:1): **"Mangilag kayong magkasala kay Allah na naghihilingan kayo sa pamamagitan Niya at sa mga kamag-anakan;"** Nagsabi pa Siya (30:38): **"Kaya ibigay mo sa kamag-anak ang karapatan niya."** Ang sabi pa Niya (16:90): **"Tunay na si Allah ay nag-uutos sa inyo na itaguyod ninyo ang katarungan, ang paggawa ng kabutihan at ang pagbibigay sa kamag-anak"**

Tinanong minsan ang Sugo (SAS) hinggil sa mga gawaing makapagpapasok sa Paraiso at makapaglalayo sa Impiyerno kaya nagsabi siya: ***"Sambahin mo si Allah at huwag mo Siyang tambalan ng anuman, panatiliin mo ang pagsasagawa ng saláh, magbigay ka ng zakáh at itaguyod mo ang ugnayan sa kamag-anak."*** Nagsabi pa siya: ***"Ang kawanggawa sa dukha ay isang pagkakawanggawa at ang [kawanggawa] sa kamag-anak ay pagkakawanggawa at pagtataguyod sa ugnayan sa kamag-anak."*** Nagsabi naman siya kay Asmá' bint Abí Bakr (RA), nang tinanong siya nito tungkol sa ugnayan nito sa ina nito na isang Mushrik nang iyon ay dumating mula sa Makkah: ***"Oo, itaguyod mo ang ugnayan mo sa iyong ina."***

## Ang mga Kaasalan sa mga Kapit-bahay

Ang isang Muslim ay kumikilala sa mga karapatan ng kapit-bahay at mga kaasalang tungkuling ipagkaloob at ibigay nang buo sa isa't isa. Iyon ay batay sa sinabi ni Allah (4:36): **"Sa mga magulang ay gumawa ng magaling, at pati sa mga kamag-anak, mga ulila, mga dukha, kapit-bahay na kamag-anak, kapit-bahay na di-kaanu-ano,"** Batay rin ito sa sabi ng Sugo (SAS): ***"Hindi tumitigil si Anghel Gabriel sa pagta-***

***tagubilin sa akin hinggil sa kapit-bahay hanggang sa inakala ko na gagawin niya itong tagapagmana [ko]."*** at sa sabi pa niya: ***"Ang sinumang naniniwala kay Allah at sa Kabilang-buhay ay parangalan niya ang kapit-bahay niya."***

**Ang Ilan sa mga Karapatan ng Kapit-bahay**

1. Ang hindi maminsala sa kanya sa salita o gawa dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay ay parangalan niya ang kapit-bahay niya."*** Ang sabi pa niya: ***"Sumpa man kay Allah, hindi talaga siya sumasampalataya; sumpa man kay Allah, hindi talaga siya sumasampalataya; sumpa man kay Allah, hindi talaga siya sumasampalataya!"*** May nagsabi: "Sino po?" Nagsabi siya: ***"Ang sinumang hindi nakaliligtas ang kapit-bahay niya sa mga pamiminsala niya."***
2. Ang magmagandang-loob sa kanya sa pamamagitan ng pagsaklolo sa kanya kapag nagpasaklolo siya sa kanya, pagtulong sa kanya kapag nagpatulong siya sa kanya, pagdalaw sa kanya kapag nagkasakit siya, pagbati sa kanya kapag masaya siya, pagdamay sa kanya kapag dinapuan siya ng kapighatian, at pagalalay sa kanya kapag nangailangan siya. Uunahan siya sa pagbati, magiging malumanay sa pagsasalita

sa kanya, magiging magiliw sa pakikipag-usap sa anak niya, papatnubayan siya sa makabubuti sa kanya sa mundo at sa Kabilang-buhay, palalampasin ang mga pagkakamali niya, hindi aalamin ang kahihiyan niya, hindi siya pasisikipan kapag magpapatayo ng bahay o daanan, at hindi siya yayamutin sa pamamagitan ng basurang itatapon sa harap ng bahay niya. Ang lahat ng iyan ay pagmamagandang-loob sa kanya na ipinag-uutos ng Islam.

3. Ang pagpaparangal sa kanya sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakabubuti at kaloob sa kanya. Ito ay batay sa sinabi ng Sugo (SAS): ***"O mga babaeng Muslim, huwag nga maliitin ng isang kapitbahay [ang kaloob] ng kapit-bahay niya kahit pa man iyon ay paa ng tupa."*** at batay rin sa sabi niya kay Abú Dharr: ***"Abú Dharr, kapag magluluto ka ng sinabawan ay damihan ang tubig at isaalang-alang mo ang kapit-bahay mo."***; at batay rin sa sabi niya kay 'Á'ishah (RA) nang magsabi ito: "May dalawa akong kapit-bahay, kaya kanino ako magreregalo?" Nagsabi siya: ***"Sa may pinakamalapit na pinto sa iyo sa kanilang dalawa."***

4. Ang paggalang sa kanya at ang pagpapahalaga sa kanya. Kaya naman hindi siya pigilan, halimbawa, na maglagay ng kahoy niya sa bakod mo, o hindi ipagbibili ang lupang nakaugnay sa lupa niya hanggat

hindi ito inaalaok sa kanya o isinasangguni sa kanya dahilang sabi ng Sugo (SAS): ***Huwag pigilan ng sinuman sa inyo ang kapit-bahay niya na ilagay nito ang kahoy nito sa bakod niya.”*** at dahil ang sabi pa niya: ***“Ang sinumang may kapit-bahay sa [tabi ng kanyang] pataniman o kahati [roon] ay huwag niyang ipagbili iyon hanggang hindi niya iyon inaalok dito.”***

## Ang mga Kaasalan sa Kapwa Muslim at mga Karapatan Nito

Ang Muslim ay naniniwala sa mga karapatan at mga kaasalang kailangang gampanan sa kapatid sa Islam. Sinusunod niya ang mga iyon at ginagampanan niya ang mga iyon alang-alang sa kapatid niya sa Islam. Naniniwala rin siya na iyon ay isang pagsamba kay Allah at bagay na makapaglalapit sa kanya kay Allah, yayamang ang mga karapatan at ang mga kaasalang ito ay isinatungkulin ni Allah sa isang Muslim upang gampanan niya kapatid niya sa Islam. Ang ilan sa mga kaasalan at mga tungkuling ito ay ang sumusunod:

1. Na babatiin niya muna ito kapag nakatagpo niya bago kakausapin ito. Magsasabi siya ng **assalámu ‘alaykum wa rahmatulláhi wa barakátuh**, kakamayan niya ito. Tutugunin niya ito, kapag unang

bumati, sa pamamagitan ng pagsabi ng **alaykumus sálamu wa rahmatulláhi wa barakátuh**. Iyon ay batay sa sabi ni Allah (4:86): **"Kapag binati kayo ng isang pagbati, bumati kayo ng higit na mainam kaysa roon o gantihan ninyo iyon."** at batay rin sa sabi ng Sugo (SAS): ***"[Unang] babati ang nakasakay sa naglalakad, ang naglalakad sa nakaupo, at ang kakaunti sa marami."*** at sa isa pang sabi niya: ***"Bibigkasin ang pagbati sa nakikilala mo at sa hindi mo nakikilala."***

**2.** Na magsasabi siya sa kanya ng **yarhamukalláh** (kaawaan ka ni Allah) kapag bumahin ito kung nagsabi ito ng **alhamdu lilláh** (ang papuri ay ukol kay Allah) matapos bumahin. Tutugon naman ang bumahin sa papamagitan ng pagsasabi ng **yahdí kumullah wa yuslih bálakum** (patnubayan kayo ni Allah at pabutihin Niya ang kalagayan ninyo). Ito ay batay sa sinabi ng Propeta (SAS): ***"Kapag bumahin ang sinuman sa inyo ay magsasabi siya ng*** **alhamdu lillah** ***at ang kapatid naman niya [sa pananampalatya] o ang kasama ay magsasabi ng*** **yarhamukalláh.** ***Pagkatapos naman nitong magsabi ng*** **yarhamukalláh** ***ay magsasabi naman ang bumahin ng*** **yahdíkumulláh wa yuslihu balakum.*"*** Nagsabi naman si Abú Hurayrah (RA): ***"Ang Sugo ni Allah (SAS) kapag bumabahin***

***noon ay naglalagay ng kamay niya o damit niya sa bibig niya at sa pamamagitan niyon ay napahihina niya ang tunog [ng bahin] niya."***

**3.** Na dadalawin niya ito kapag nagkasakit ito at idadalangin niya ang paggaling nito dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Ang tungkulin ng isang Muslim sa kapwa Muslim ay lima: ang pagtugon sa pagbati [nito], ang pagdalaw sa may-sakit, ang pagdalo sa libing [nito], ang pagpapaunlak sa paanyaya [nito] at ang pagsabi ng*** **yarhamukalláh** ***sa bumahin."***

**4.** Na dadalo siya sa libing nito kapag namatay ito dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Ang tungkulin ng isang Muslim sa kapwa Muslim ay lima: ang pagtugon sa pagbati [nito], ang pagdalaw sa may-sakit, ang pagdalo sa libing [nito], ang pagpapaunlak sa paanyaya [nito] at ang pagsabi ng*** **yarhamukalláh** ***sa bumahin."***

5. Na tutuparin niya ang sinumpaan kapag nanumpa siya hinggil sa anuman. Gagampanan niya ang sinumpaan upang hindi niya masira ang sinumpaan. Ito ay batay sa Hadíth na isanalaysay ni al-Barrá' ibnu 'Ázib: "Ipinag-utos sa amin ng Sugo ang pagdalaw sa may-sakit, ang pagdalo sa libing, ang pagsabi ng ***yarhamukalláh*** sa isang bumahin, ang pagtupad sa sinumpaan, ang pagtulong sa ginawan

ng kawalang katarungan, ang pagpapaunlak sa isang nag-aanyaya at ang pagpapalaganap sa pagbati (sa pamamagitan ng pagsabi ng **assalámu 'alaykum**)." Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

**6.** Na papayuhan niya ito kapag humingi ito ng payo sa kanya sa anumang bagay sa anumang gagawin: lilinawin niya rito ang itinuturing niyang mabuti at tama. Batay ito sa sabi ng Sugo (SAS): ***"Kapag humingi ng payo ang sinuman sa inyo sa kapatid niya [sa pananampalataya] ay magpayo ito sa kanya."*** Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

**7.** Na iibigin niya para rito ang naiibigan niya para sa sarili niya at kasusuklaman niya para rito ang kinasusuklaman niya para sa sarili niya dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Hindi talaga sumasampalataya ang sinuman sa inyo hangga't hindi niya iibigin para sa kapatid niya ang naiibigan niya para sa sarili niya."*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Ang sabi pa niya: ***"Ang mananampalataya para sa kapwa mananampalataya ay gaya ng gusali: pinatatatag ng isa ang isa pa."*** Napagkaisahan ang katumpakan ng Hadíth na ito.

8. Na tutulungan niya ito at hindi niya pababayaan ito sa anumang sandaling kakailanganin nito ang tulong niya at ang pag-aalalay niya sapagkat ang

sabi ng Sugo (SAS): ***"Tulungan mo ang kapatid mo, gumagawa siya ng kawalang-katarungan o ginagawan ng kawalang-katarungan."*** Nang tinanong siya kung paanong tutulungan ang kapatid na gumagawa ng kawalang-katarungan ay nagsabi siya: ***"Pipigilan siyang makagawa ng kawalang-katarungan at hahadlangan siya sa paggawa niyon, kaya ganyan ang pagtulong sa kanya."*** Napagkaisahan sa katumpakan ang Hadíth. Ang sabi pa niya: ***"Ang sinumang lumapastangan sa karangalan ng kapatid niya, itutulak ni Allah ang mukha niya sa Apoy sa Araw ng Pagkabuhay."***

**9.** Na hindi niya ito gagawan ng masama o anumang ikinayayamot nito. Iyon ay batay sa sinabi ng Sugo (SAS): ***"Ang lahat ng taglay ng isang Muslim ay di-lalapastanganin ng [kapwa niya] Muslim: ang buhay niya, ang karangalan niya, at ang ari-arian niya."*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Sa isa pang sabi niya: ***"Hindi ipinahihintulot para sa isang Muslim na takutin ang kapwa Muslim."*** at sa isa pang sabi niya: ***"Ang [tunay na] Muslim ay [ang taong] ligtas ang [kapwa] mga Muslim sa dila niya at kamay niya."*** Napagkaisahan ang katumpakan ng Hadith na ito.

**10.** Na magpapakumbaba siya rito, hindi niya pagmamalakihan ito at hindi niya paaalisin sa kinalalagyan

nito na ukol dito upang siya ang lumagay roon dahil ang sabi ni Allah (31:18): **"Huwag mong ibaling palayo ang pisngi mo at huwag kang maglakad nang sa lupain. Tunay na hindi minamahal ni Allah ang bawat mayabang na mapagmalaki pa."** Ito ay dahil sa ang sabi rin ng Sugo (SAS): ***"Walang isa mang nagpakumbaba kay Allah na hindi Niya ito itinaas."*** Ito ay ayon din sa napag-alaman hinggil sa Sugo (SAS) na siya ay nagpapakumbaba sa bawat isa, hindi siya nanghahamak, hindi niya inaaba na maglakad kasabay ng mga balo, mga dukha at pinupunan niya ang kanilang pangangailangan. Ayon rin sa sabi niya: ***"Huwag ngang patayuin ng sinuman sa inyo ang isang tao mula sa kinauupuan nito at pagkatapos ay uupuan niya iyon, sa halip palawakin ninyo ang puwang at magbigay kayo ng puwang."***

**11.** Na hindi niya iiwasan ito nang higit sa tatlong araw sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Hindi ipinahihintulot para sa isang Muslim na iwasan ang kapatid niya nang higit sa tatlong araw gayong nagkakasalubong naman sila ngunit bumabaling palayo itong isa at bumabaling din palayo iyong isa. Ang pinakamainam sa dalawa nila ay ang nagpapasimula ng pagbati."*** Napagkaisahan ang katumpakan ng Hadtih na ito. Batay

rin ito sa sabi pa niya: ***"Huwag kayong magtalikuran at maging mga lingkod kayo ni Allah na mga magkakapatid."*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Ang ***pagtatalikuran*** na tinutukoy rito ay ang 'pag-iiwasan.'

**12.** Na hindi niya ito lilibakin o hahamakin o pipintasan o tutuyuin o tatagurian ng masamang taguri o gawan ng kuwento upang siraan dahil ang sabi ni Allah (49:12): **"O mga sumampalataya, iwaksi ninyo ang maraming paghihinala; tunay na ang ilan sa paghihinala ay kasalanan. Huwag kayong maniktik. Huwag libakin ng ilan sa inyo ang iba sa inyo. Iibigin ba ng isa sa inyo na kainin ang laman ng kapatid niya kapag patay na? Kasusuklaman ninyo ito."** Ang sabi pa Niya (49:11): **"O mga sumampalataya, huwag mangutya ang mga lalaki sa ibang mga lalaki, baka ang mga *kinukutyang* ito ay higit na mabuti kaysa sa kanila *na nangungutya*; at huwag *mangutya* ang ilang mga babae sa ibang mga babae, baka ang mga *kinukutyang* ito ay higit na mabuti kaysa sa kanila *na nangungutya*. Huwag ninyong pintasan ang mga kapwa ninyo at huwag kayong magtawagan ng mga taguring masama. Kaaba-abang pangalan ang kasuwailan matapos na ang pananampalataya *ay nakamtan*. Ang mga**

**hindi magsisi, ang mga iyon ay ang mga lumalabag sa katarungan.”** Nang minsang nagsabi ang Sugo (SAS): ***“Nalalaman ba ninyo kung ano ang panlilibak?”*** ay nagsabi sila: “Si Allah at ang Sugo Niya ang higit na nakaaalam.” Kaya nagsabi siya: ***“Ang pagbanggit mo tungkol sa kapatid mo ng bagay na kasusuklaman niya.”*** May nagsabi: “Ano po naman ang tingin ninyo kung taglay nga ng kapatid kong iyon ang aking sinasabi?” Nagsabi siya: ***“Kung taglay nga niya ang sinasabi mo, nilibak mo na siya; at kung hindi niya taglay ang sinasabi mo, siniraang-puri mo na siya.”*** Isinalaysay ni Imám Muslim ang Hadith na ito. Nagsabi naman siya sa Hajj ng Pamamaalam: ***“Tunay na ang mga buhay ninyo, ang mga ari-arian ninyo at ang mga karangalan ninyo ay hindi malalapastangan sa inyo.”*** Isinalaysay ni Imám Muslim ang Hadith na ito. Ang sabi pa niya: ***“Hindi papasok sa Paraiso ang mapanirang-puri.”***

**13.** Na hindi niya ito lalaitin buhay man o patay dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***“Ang paglait sa isang Muslim ay malaking kasalanan at ang pakikipag-away sa kanya ay kawalang-pananampalataya.”*** Napagkaisahan ang katumpakan ng Hadith na ito. Ang sabi pa niya: ***“Huwag ninyong laitin ang mga***

***patay dahil natamo na nila ang ginawa nila.”*** Napagkaisahan ang katumpakan ng Hadith na ito.

**14.** Na hindi niya ito kaiinggitan o paghihinalaan ng masama o kamumuhian o titiktikan sapagkat ang sabi ni Allah (49:12): **“O mga sumampalataya, iwaksi ninyo ang maraming paghihinala; tunay na ang ilan sa mga paghihinala ay kasalanan. Huwag kayong maniktik. Huwag libakin ng ilan sa inyo ang iba sa inyo.”**

**15.** Na hindi niya ito dadayain ni lilinlangin ni pagtataksilan o pasisinungalingan sapagkat ang sabi ni Allah (33:58): **“Ang mga naminsala sa mga lalaking mananampalataya at mga babaeng mananampalataya na walang mga** ***masamang*** **nagawa ay tunay na nagpasan na ng salang paninirang-puri at malinaw na pagkakasala.”** at sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***“May apat na katangiang kapag tinaglay ng isang tao, siya ay maging isang ganap na mapagkunwari. Kung sinuman ang nagtataglay ng isa sa apat na katangiang ito, siya ay may taglay na isang katangian ng pagkamapagkunwari hanggang hindi niya iniiwan ang katangiang ito: kapag pinagkakatiwalaan siya ay nagtataksil siya; kapag nagsasalita siya ay nagsisinungaling siya; kapag nangangako siya ay sumisira sa pangako; at***

***kapag nakikipagtalo siya ay nagsasalita siya nang marahas."***

**16.** Na pakikitunguhan niya ito nang magandang asal, kaya gagawan niya ito ng mabuti, magpipigil siyang makagawa ng kapinsalaan dito, sasalubungin niya ito nang may mukhang maaliwalas, tataggapin niya ang kagandahang-loob nito, pagpapaumanhinan niya ang pagkakasala nito, at hindi niya aatangan ito ng hindi nito makakaya sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Mangilag kang magkasala kay Allah saan ka man naroroon, pasundan mo ang nagawang masama ng mabuting gawang mag-papawi roon, at pakitunguhan mo ang mga tao ng magandang asal."***

**17.** Na pagpipitaganan niya ito kung ito ay nakata-tanda at kaaawaan niya ito kung ito ay nakababata dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Hindi kabilang sa atin ang hindi nagpipitagan sa nakatatanda sa atin at hindi naaawa sa nakababata sa atin."***

## Ang mga Kaasalan sa mga Kafir

Naniniwala ang isang Muslim na ang lahat ng turo at relihiyon, maliban sa Islam, ay walang saysay at ang mga kaanib niyon ay mga káfir sapagkat ang Islam lamang ang totoong Relihiyon at na ang mga kaanib

nito ay siyang mga mananampalataya na nagsisisuko kay Allah. Batay ito sa sinabi ni Allah (3:19): **"Tunay na ang relihiyon para kay Allah ay Islam."** at sa sinabi pa Niya (3:85): **"Ang sinumang maghahangad ng iba pa sa Islam bilang relihiyon, hindi iyon matatanggap sa kanya; at siya sa Kabilang-buhay ay mapabibilang sa mga Talunan."** Makikita dito ng isang Muslim na ang bawat sumasampalataya kay Allah nang hindi naaayon sa Islam ay isang Káfir. Susundin ng isang Muslim sa pakikitungo sa isang Káfir ang sumusunod na mga kaasalan:

**1.** Ang di-pagsang-ayon sa kawalang-pananampalataya nito at di-pagkalugod doon yamang ang pagkalugod sa kawalang-pananampalataya ay kawalan din ng pananampalataya.

**2.** Ang pagkasuklam sa kawalang-pananampalataya niya yamang ang pagmamahal ay alang-alang kay Allah at ang pagkamuhi ay alang-alang din kay Allah; at yayamang kinasusuklaman ni Allah ang isang Káfir dahil sa kawalang-pananampalatayang taglay nito, kasusuklaman din ng isang Muslim ang kawalang-pananampalataya na nasa Káfir yamang kinasusuklaman din iyon ni Allah.

**3.** Ang hindi pagtangkilik dito at pagmamahal dito dahi ang sabi ni Allah (3:28): "**Huwag gawin ng**

**mga mananampalataya ang mga tumatangging sumampalataya na mga tagatangkilik, sa halip na ang mga mananampalataya;"** at dahil ang sabi pa Niya (58:22): **"Wala kang matatagpuang mga taong sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw na nagmamahal sa mga sumasalungat kay Allah at sa Sugo Niya, maging sila man ay mga ama nila o mga anak nila o mga kapatid nila o mga kaangkan nila."**

**4.** Ang katarungan sa kanya at ang pagkakaloob sa kanya ng mabuti kung hindi siya nakikidigma laban sa Islam sapagkat ang sabi ni Allah (60:8): **"Hindi kayo pinagbabawalan ni Allah, hinggil sa mga hindi kumalaban sa inyo dahil sa pananampalataya ninyo at hindi nagpapalayas sa inyo mula sa mga tahanan ninyo, na makipagmabutihan kayo sa kanila at makitungo nang makatarungan sa kanila. Tunay na iniibig ni Allah ang mga makatarungang makitungo."**

**5.** Kaaawaan ito ng awang pangkalahatan tulad ng pagpapakain sa kanya kung nagugutom siya, pagpapainom sa kanya kung nauuhaw siya, paggamot sa kanya kung nagkasakit siya o pagliligtas sa kanya sa kapahamakan at paglalayo sa kanya ng pinsala sapagkat ang sabi ng Sugo: ***"Kaawan mo ang nasa Lupa, kaaawaan ka Niyang nasa Langit."***

6. Ang hindi pagpinsala sa kanya sa ari-arian niya o karangalan niya kung hindi siya nakikipagdigma laban sa Islam sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Nagsabi si Allah: O mga lingkod Ko, ipinagbawal ko sa sarili Ko ang paglabag sa katarungan at ipinagbawal Ko iyon sa inyo kaya huwag kayong magsagawaan ng paglabag ng katarungan."***
7. Ang pagpapahintulot na magregalo sa kanya, na tumanggap ng regalo mula sa kanya, kumain ng pagkain niya kung siya ay isang Hudyo o Kristiyano dahil ang sabi ni Allah (5:4): **"ang pagkain ng mga napagkalooban ng Kasulatan ay ipinahihintulot sa inyo"** Napatunayan na siya noon ay naanyayahan na kumain ng pagkain ng mga Hudyo sa Madínah at pinauunlakan niya ang paanyaya at kumain siya mula sa ibinigay na pagkain sa kanya.
8. Ang hindi pagpapahintulot na mapangasawa niya ang babaeng Muslim at ang pagpapahintulot ng isang lalaking Muslim na mag-asawa ng babaeng Kristiyano o Hudyo dahil ang sabi ni Allah (2:221): **"Huwag kayong mag-asawa ng mga babaeng nagtatambal kay Allah hanggat hindi sila sumasampalataya;"** at dahil ang sabi naman Niya hinggil sa pagpapahintulot ng pag-aasawa sa isang babaing Kristiyano o Hudyo (5:5): **"Ang mga babaing malinis ang puri na mga mananampalataya at**

**ang mga babaing malinis ang puri mula sa mga napagkalooban ng Kasulatan noong wala pa kayo, kapag ibinigay ninyo sa kanila ang mga bigay-kaya na ukol sa kanila *ay ipinahihintulot na mapangasawa* upang mapangalagaan ang puri, hindi upang mangangalunya at hindi upang gawing mga kalaguyo."**

9. Hindi magpapasimula sa pagsabi ng **assalámu 'alaykum** sa kanya at kung siya ang nagpasimula ay tutugunin siya sa pamamagitan ng pagsabi ng **wa 'alaykum** (at gayon din sa inyo) sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Kapag bumati sa inyo (ng*** **assalámu 'alaykum*****) ang isang Ahlulkitáb (Hudyo o Kristiyano) ay magsabi kayo ng*** **wa alaykum** ***(at sumaiyo din)."***
10. Ang hindi pagtulad sa kanila sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Ang sinumang tumutulad sa isang pangkat ng mga tao, siya ay kabilang sa kanila."***
11. Ang pag-iba sa kanila at ang hindi paggaya sa kanila dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Ang sinumang nagwangis sa ibang mga tao, siya ay kabilang na sa kanila."***

## Ang Kaasalan sa mga Hayop

Itinuturing ng isang Muslim na ang nakararami sa mga hayop ay mga nilikhang dapat igalang, kaya nga kinaaawaan niya ang mga ito at sinusunod niya para sa mga ito ang sumusunod na mga kaasalan:

1. Ang pagpapakain at ang pagpapainom sa mga ito kapag nagutom at nauhaw dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"[Sa kabutihan] sa bawat hayop ay may nakalaang gantimpala."***
2. Ang pagkaawa at ang pagkahabag sa mga ito dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Sino ang nagpadusa rito dahil sa [pagkuha ng] anak nito? Ibalik ninyo rito ang anak nito."*** Sinabi niya ito nang may nakita siyang kalapati na paikot-ikot sa paglipad na humihiling [na ibalik] ang mga inakay nito na kinuha ng isang s̲ah̲ábí sa pugad nito.
3. Ang hindi pagpapahirap sa mga ito kapag kinakatay o pinapatay ang mga ito sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Tunay na si Allah ay nagtakda ng magaling na pagsasagawa sa anumang gawain; kaya kapag papatay kayo, galingan ninyo ang pagpatay; kapag magkakatay kayo, galingan ninyo ang pagkakatay. Bigyan ng sinuman sa inyo ng maginhawahang kamatayan ang kinakatay niya at hasain***

***muna niya ang patalim niya."*** Itinala ito ni Imám Muslim.

**4.** Ang hindi pagpapasakit sa mga ito ng anumang uri ng pasakit, maging iyon man ay sa pamamagitan ng paggutom dito, o pamamalo rito, o pagpapapasan dito ng hindi nito makakaya, o pagpuputol ng ano mang bahagi ng katawan nito, o pagsusunog rito sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Pumasok ang isang babae sa Impiyerno dahil sa isang pusang ikinulong niya hanggang sa mamatay ito. Kaya pumasok siya sa Impiyerno. Hindi niya ito pinakain ni pinainom noong ikinulong niya ito at hindi niya ito hinayaang manginain ng mga kulisap ng lupa."*** Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí. Naparaan minsan ang Propeta (SAS) sa isang tirahan ng mga langgam na sinunog kaya nagsabi siya: ***"Tunay na walang dapat magpasakit sa pamamagitan ng apoy kundi ang Panginoon ng apoy."***

**5.** Ang pagpapahintulot sa pagpatay sa mga nakapipinsalang hayop gaya ng asong nangangagat, lobo, ahas, alupihan, daga at iba pa sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***"May limang hayop na pinapatay sa labas ng haram at sa loob ng haram:***[23] ***ang ahas, ang uwak na batik-batik, ang asong nangangagat***

---

[23] Ang bahagi ng Makkah na ipinagbabawal doon ang pagpatay ng mga hayop na di-inaalagaan.

***at ang lawin."*** Naiulat din na pumatay ng alupihan ang Sugo at isinumpa niya ito.

6. Ang pagpapahintulot sa paghehero ng inaalagaang hayop na nanginginain ng damo alinsunod sa isang kapaki-pakinabang na layunin, yayamang naiulat na ang Sugo (SAS) mismo ay naghehero ng mga kamelyong ibinigay bilang kawanggawa. Ang mga hayop na hindi inaalagaan at hindi nanginginain ng damo hindi ipinahihintulot na heruhan sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS) nang makakita siya ng isang asno na hineruhan sa mukha: ***"Isinumpa ni Allah ang naghero rito sa mukha nito."*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim.
7. Ang pag-aalam sa karapatan ni Allah sa mga hayop at iyon ay ang pagbibigay ng mga zakáh para sa mga ito kapag ang mga ito kabilang sa mga pinapatawan ng zakáh.
8. Ang hindi pagpapakaabala sa mga ito anupa't nahahadlangan na ang pagtalima kay Allah, o ang hindi pagkawili sa mga ito anupa't nakakaligtaan na ang paggunita kay Allah sapagkat ang sabi Niya (63:9): **"O mga sumampalataya, huwag hayaang gambalain kayo ng mga yaman ninyo ni ng mga anak ninyo sa paggunita kay Allah."** at dahil ang sabi ng Sugo: ***"Ang kabayo ay para sa tatlong [layunin]: para sa isang tao ay gantimpala, para sa isang***

***tao ay ikabubuhay, at para sa isang tao ay kasalanan."*** Itinala ito ni Imám al-Bukhárí.

Ito ay ang ilan sa mga kaasalan sa mga hayop na isinasaalang-alang ng isang Muslim, bilang pagsunod kay Allah at sa Sugo Niya at pagganap sa ipinag-uutos ng Batas ng Islam, Batas ng Awa, Batas ng Kapakanang sumasaklaw sa lahat ng nilikha: tao at hayop.

## Ang Kaasalan sa Pakikisalamuha

Ang buong buhay ng isang Muslim ay napasasailalim ayon sa Pamamaraan ng Islam na sumasaklaw sa lahat ng aspeto ng buhay pati na sa pag-upo ng isang Muslim at pakikisalamuha niya sa mga kapatid niya. Dahil doon, sinusunod niya ang mga sumusunod na kaasalan sa pag-upo niya at pakikisalamuha:

1. Kapag ninais niyang umupo [sa isang pagtitipon] ay babati muna siya sa punong-abala (nag-anyaya o may-ari ng bahay) at saka uupo. Hind niya patatayuin ang sinuman sa kinauupuan nito upang upuan ang upuan nito at hindi siya uupo sa pagitan ng dalawa kung walang pahintulot ng dalawa. Alinsunod ito sa sabi ng Propeta (SAS): ***"Huwag ngang patayuin ng sino man sa inyo ang isang tao mula sa kinauupuan nito at pagkatapos ay uupuan niya iyon, sa halip palawakin ninyo ang puwang at magbigay kayo***

***ng puwang.”*** Napagkaisahan ang katumpakan ng Hadith na ito. Si Ibnu ‘Umar, kapag tumayo ang isang lalaki sa kinauupuan nito upang ibigay iyon sa kanya, ay hindi siya umuupo roon alinsunod sa sabi ng Sugo (SAS): ***“Hindi ipinahihintulot sa isang tao na paghiwalayin ang dalawa [na nakaupo] maliban kung may pahintulot nilang dalawa.”*** Isinalaysay ito nina Imám Abú Dáwud at Imám at-Tirmidhí.

2. Kapag tumayo ang isang tao sa upuan niya at pagkatapos ay bumalik ito doon, ang taong ito ang higit na may karapatang umupo doon sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***“Kapag tumayo ang isa sa inyo sa upuan niya,t pagkatapos ay bumalik doon ay siya ang higit na may karapatan [na umupo] roon.”***
3. Hindi uupo sa gitna ng *halaqah* (pag-upong paikot) dahil ang sabi ni Hudhayfah: ***“Ang Sugo ni Allah ay sumumpa sa umuupo sa gitna ng halaqah.”***
4. Kabilang din sa mga kaasalang isasaalang-alang niya kapag nakaupo ay ang mga ito: hindi siya magto-*toothpick*, hindi niya ipapasok ang daliri sa ilong niya, iiwasan niya ang pagdura at ang pagdahak, na magiging mahinahon at hindi malikot, kapag magsasalita ay magsisikap na magsabi ng tama, na hindi magsasalita nang may paghanga sa sarili niya at pamilya niya, at kapag kinakausap siya ng

iba ay makikinig, tatahimik at hindi puputulin ang pagsasalita nito.

Ang Muslim, kapag sumusunod sa mga kaasalang ito, ay sumusunod lamang dahil sa dalawang bagay:

1. Upang hindi niya masaktan ang mga kapatid niya sa pamamagitan ng asal niya o gawa niya sapagkat ang pananakit sa kapwa Muslim ay harám: ***"Ang [tunay na] Muslim ay [ang taong] ligtas ang mga Muslim sa dila niya at kamay niya."***
2. Sisikapin niyang makamit ang pagmamahal ng mga kapatid niya at ang mabuting pagtingin nila, yamang ipinag-uutos ni Allah ang pagmamahalan at ang mabuting pagtitinginan sa pagitan ng mga Muslim.

Kapag nagnanais na umupo sa mga pampublikong lugar ay isasaalang-alang niya ang sumusunod na mga kaasalan:

1. Na iiwasang tumingin sa mga babae, hindi titingin nang may pagkainggit kaninuman o may panlalait kaninuman.
2. Na hindi maminsala sa lahat ng taong nagdaraan, kaya naman hindi niya pipinsalain ang sinuman sa pamamagitan ng salita niya sa pamamagitan ng panlalait at insulto, o pamimintas at pamumula; hindi sa pamamagitan ng gawa niya sa pamamagitan ng

pananakit o pangangagaw ng pag-aari ng iba; at hindi sa pamamagitan panghaharang sa daan upang hadlangan sa kanilang pagdaan.

3. Na gagantihan niya ang pagbati ng lahat ng dumadaang bumabati sa kanya, yayamang ang pagganti sa pagbati ay isang tungkulin sapagkat ang sabi ni Allah (4:86): **"Kapag binati kayo ng isang pagbati, bumati kayo ng higit na mainam kaysa roon o ibalik ninyo iyon."**
4. Na ipag-uutos niya ang nakabubuti na nakikita niya na hindi ginagawa at minamaliit ang kahalagahan niyon, yamang sa pagkakataong ito ay pananagutan na niya na itaguyod iyon sapagkat ang pagtataguyod sa kabutihan ay tungkulin ng bawat Muslim. Ang halimbawa nito ay na isinasagawa na ang adhán para sa s̲aláh ngunit hindi pinapansin iyon ng mga taong nag-uumpukan o ng isa man sa mga nagdaraan kaya inoobliga siyang himukin silang magdasal na.
5. Na sasawayin niya ang nakasasamang nasasaksihan niyang ginagawa sa harap niya, yamang ang pagbago sa nakasasama gaya ng pagtataguyod sa nakabubuti ay tungkulin ng bawat Muslim dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Ang sinuman sa inyo na makakita ng nakasasama ay baguhin niya iyon."*** Ang halimbawa nito ay na may taong nagnanais na gumawa ng masama sa isa pang tao: nais nitong saktan iyon

o agawan ng ari-arian niyon, sa pagkakataong ito ay tungkulin na niyang baguhin ang nakasasama sa abot ng lakas niya at kakayahan.

**6.** Na gagabayan niya ang naliligaw kapag nagpagabay ito sa kanya.

Ang lahat ng kaasalang ito ay batay sa sinabi ng Sugo (SAS): ***"Mag-ingat kayo sa pag-upo sa mga lansangan."*** Kaya nagsabi sila: "Ano po ang kailangan naming gawin; iyon lamang naman ay pakikisalamuha namin at nag-uusap lamang kami roon?" Nagsabi siya: ***"Kapag wala kayong gagawin kundi ang maupo ay ibigay ninyo sa daan ang karapatan nito."*** Nagsabi sila: "Ano po ang karapatan ng daan?" Nagsabi siya: ***"Ang pag-iwas ng paningin [sa di dapat tingnan], ang pagpipigil na makapinsala, ang pagganti sa pagbati, ang pagtataguyod sa nakabubuti, at ang pagsaway sa nakasasama."*** Sa iba namang salaysay ay may ganitong dagdag: ***"ang paggabay sa naliligaw."***

Kabilang din sa mga kaasalan sa pagtitipon (o pag-upo) ay ang humingi ng tawad kay Allah sa pagtayo mula sa kinauupuan, bilang pag-aalis sala sa kasalanang dahil dito ay baka nakasakit siya habang nakaupo. Ang Sugo ni Allah noon, kapag ibig niyang tumayo mula sa kinauupuan, ay nagsasabi ng **subhána kallá humma wa bihamdika ash'hadu an lá iláha illa anta astagh-**

**firuka wa atúbu ilayka**.[24] Tinanong siya tungkol dito kaya nagsabi naman siya: "Iyon ay pang-alis sala sa kasalanang nagawa habang nasa pagtitipon." Isinalaysay ito ni Imám at-Tirmidhí.

## Ang mga Kaasalan sa Pagkain at Pag-inom

Ituturing ng isang Muslim na ang pagkain at ang inumin bilang daan tungo sa isang nilalayon at hindi siyang mismong nilalayon. Samakatuwid, kumakain siya at umiinom siya para mapanatili ang kalusugan ng katawan niya na sa pamamagitan nito ay nakapagsasagawa siya ng pagsamba kay Allah: ang pagsamba na iyon na gumagawa sa kanya para maging karapat-dapat sa kasaganaan sa Kabilang-buhay at kaligayahan doon. Hindi siya kumakain at hindi siya umiinom alang-alang lamang sa pagkain at pag-inom at sa pagkahilig niyon. Dahil dito, ang isang Muslim, sa pagkain niya at pag-inom niya, ay sumusunod sa mga itinatagubiling kaasalang kaugnay roon:

---

[24] Kaluwalhatian sa Iyo, o Allah, kalakip ng papuri sa Iyo. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw. Humihingi ako ng kapatawaran sa Iyo at nagbabalik-loob ako sa Iyo.

## Ang mga Kaasalan Bago Kumain

1. Na gagawin niyang nakabubuti ang pagkain niya at ang inumim niya sa pamamagitan ng paghahanda ng mga ito buhat bagay na halál na nakabubuti at di-nahahaluan ng anumang bagay na harám. Nagsabi si Allah (2:172): **"O mga sumampalataya, kainin ninyo ang mga nakabubuti na itinustos Namin sa inyo"** Ang nakabubuti ay ang halál na hindi itunuturing na marumi o itunuturing na masama dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Ang anumang tumubo mula sa ipinagbabawal, ang Impiyerno ay lalong malapit doon."***
2. Na lalayunin niya sa pagkain niya at pag-inom niya ang pagpapakalakas para sa pagsamba kay Allah nang sa gayon ay magantimpalaan siya sa pagkain niya at pag-inom niya. Kaya ang isang karaniwang ipinahihintulot na gawain, sa pamamagitan ng kagandahan ng layunin, ay nagiging pagtalima na dahil doon ay nagagantimpalaan ang isang Muslim.
3. Na huhugasan ang mga kamay bago kumain kung ang mga iyon ay may dumi o hindi matiyak ang kalinisan ng mga iyon.
4. Na uupo na nagpapakumbaba gaya ng pag-upo noon ng Sugo (SAS) sapagkat ang sabi niya: ***"Hindi ako kumakain na nakasandal; ako ay isang lingkod lamang na kumakain kung paanong kumakain***

***ang isang lingkod at ako ay umuupo kung paanong umuupo ang isang lingkod."***

**5.** Na magkakasya siya sa kung ano ang nakahaing pagkain at hindi niya ito pipintasan; kung maiibigan niya ay kakainin niya, at kung hindi niya maiibigan ay hahayaan niya. Ito ay batay sa Hadíth ni Abú Hurayrah (RA): ***"Kailanman ay walang pagkaing pinintasan ang Sugo ni Allah (SAS); kung naiibigan niya iyon ay kakainin niya; at kung hindi niya naiibigan iyon ay hahayaan niya."*** Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

**6.** Na kakain siya nang may kasamang panauhin o asawa o anak o katulong alinsunod sa isang Hadith: ***"Magtipon kayo sa pagkain ninyo, pagpapalain kayo ni Allah dahil doon."*** Isinalaysay ito nina Imám Abú Dáwud at Imám at-Tirmidhí.

## Ang mga Kaasalan Samantalang Kumakain

1. Na magsisimula sa pamamagitan ng pagsabi ng **bismilláh** dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Kapag kakain ang sinuman sa inyo, banggitin niya ang pangalan ni Allah; kapag nalimutan niyang banggitin ang pangalan ni Allah sa simula [ng pagkain] niya ay magsabi siya ng*** **bismilláh awwalahu wa**

**ákhirahu.**[25]" Isinalaysay ito nina Imám Abú Dáwud at Imám at-Tirmidhí.

2. Na tatapusin niya ang pagkain niya sa pamamagitan ng pagpuri kay Allah sapagkat sabi ng Sugo (SAS): ***"Sinumang kumain ng isang pagkain at nagsabi ng*** **alhamdu lilláhil ladhí at'amaní hádhá wa razaqa níhi min ghayri hawlin minní wa lá qúwah**[26] ***ay patatawarin ang nauna niyang kasalanan."***
3. Na kakain sa pamamagitan ng tatlong daliri ng kanang kamay niya, liliitan ang subo at pagbubutihin ang pagnguya. Kakainin ang pagkain sa tabi niya, hindi ang nasa gitna ng bandehado.[27] Batay ito sa sinabi ng Sugo (SAS): ***"Bata, magsabi ka ng*** **bismilláh,** ***kumain ka sa pamamagitan ng kanang kamay mo at kainin mo ang malapit sa iyo."***

---

[25] Sa ngalan ni Allah sa simula at sa wakas.

[26] Ang papuri ay ukol kay Allah na nagpakain sa akin nito at nagtustos sa akin nito nang walang kapangyarihan ni lakas mula sa akin.

[27] Sa mga naninirahan sa Peninsula ng Arabia, ang mga pagkain ay kalimitang nakalagay sa isang malaking bandehado. Sa hapag kainan naman ng mga Pilipino, kalimitang magkakalayo ang kinalalagyan ng mga pagkain kaya hindi maaaring kainin lamang ang nasa malapit. Walang masama sa paggamit ng kutsara't tinedor at *chopstick* yayamang may mga uri ng pagkaing angkop na kainin sa pamamagitan ng mga ito. Ang dapat lamang tandaan na sa pagkain at pag-inom ay kanang kamay ang ihahawak sa kutsara o *chopstick*.

**4.** Na kapag may anumang nalaglag sa kinakain[28] ay aalisin lamang ang dapat alisin doon at kainin iyon sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Kapag nahulog ang isinusubo ng sinuman sa inyo ay kunin niya iyon, alisan niya iyon ng dapat alisin, kainin iyon at huwag niyang hayaang mpunta sa Demonyo."*** Itinala ito ni Imám Muslim.

**5.** Na hindi niya ihihipan ang pagkaing mainit, na hindi niya kakainin iyon hangga't hindi lumalamig-lamig, na hindi niya hihingahan ang tubig habang umiinom at hihinga siya sa labas ng baso. Batay ito sa Hadíth na isinalaysay ni Ibnu 'Abbás (RA) na ang Propeta (SAS) ay: "Nagbawal na hingahan ang lalagyan (ng pagkain o inumin) o hipan ang loob nito." Itinala ito ni Imám at-Tirmidhí.

**6.** Na iiwasan ang labis-labis na pagpapakabusog dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Wala nang pinupunong sisidlan ang isang tao na higit na masama kaysa sa tiyan niya. Sapat na sa anak ni Adan (tao) ang mga maliliit na subo na magtutuwid sa likod niya.[29] Kung hindi niya iyon magawa, ang[unang] ikatlong bahagi [ng tiyan] ay para sa pagkain niya, ang [ikalawang] ikatlong bahagi ay para sa inumin***

---

[28] Kung nakatitiyak na hindi narumihan ang pagkain.

[29] Ibig sabihin: ***pipigil sa gutom niya*** dahil nga naman ang isang taong hindi namimilipit sa gutom ay nakatuwid ang likod niya.

***niya, at ang [ikatlong] ikatlong bahagi ay para sa paghinga niya."***

7. Na hindi siya magsisimula sa pagkain o pag-inom kung sa pagtitipon ay mayroong karapat-dapat na siyang magpasimula sa pagkain dahil sa katandaan nito o kalamangan nito sa katayuan sapagkat ang gayon ay nakalalabag sa magandang kaasalan.
8. Na hindi niya titingnan ang mga kasama habang kumakain at hindi niya sila babantayan upang hindi mahiya sa kanya.
9. Na hindi gagawa ng karaniwang itinuturing ng mga tao na marumi; samakatuwid, hindi niya ipapagpag ang kamay niya sa plato, hindi niya ilalapit ang ulo niya roon habang kumakain upang walang anumang malaglag doon mula sa bibig niya, kapag kinagatan niya ang pagkain ay hindi niya ibabalik ang natitira sa plato,[30] hindi siya magsasalita ng mga salitang nagpapahiwatig sa maruming bagay o kasalaulaan upang hindi mayamot ang mga kasama niya.

## Ang mga Kaasalan Matapos Kumain

1. Na magpipigil sa pagkain bago tuluyang mabusog bilang pagtulad sa Sugo ni Allah (SAS).
2. Na aalisin o pupunasan ang nasa kamay, huhugasan ito at lilinisin nang maigi.

---

[30] Kapag kumakain na ang mga pagkain ay nakalagay sa isang plato.

3. Na pupulutin ang nahulog na pagkain dahil iyon ay itinuturing na pagpapasalamat sa biyaya.
4. Na lilinisin ang mga ngipin at magmumumog upang luminis ang bibig.
5. Na magsasabi ng **alhamdu lilláh** matapos kumain at umiinom at ipapanalangin ng ganito ang taong kinainan niya: **Alláhumma bárik lahum fímá razaqtahum waghfir lahum warhum**.[31]

## Ang Paglalakbay

Ang paglalakbay ay ilan sa mga pangangailangan sa buhay. Ang hajj, ang ‘umrah, ang pakikilahok sa pakikibaka, ang pag-aaral, at ang pagdalaw sa mga kapatid ay nangangailangan ng paglalakbay. Dahil dito, ang pagbibigay-pansin ni Allah, ang Tagapagbatas, sa paglalakbay, mga alituntunin nito, at mga kaasalan kaugnay rito ay malaki. Tungkulin ng isang matuwid na Muslim na matutunan ang mga iyon, at gawin ang pagpapatupad niyon at pagsasagawa niyon.

[31] O Allah, biyayaan Mo po sila sa itinustos Mo sa kanila, patawarin Mo po sila at kaawaan Mo po sila.

## Ang mga Alituntunin sa Paglalakbay

1. Ang pagpapaikli sa mga saláh na apatang rak'ah. Dadasalin ang mga ito sa dalawang rak'ah lamang. Ang maghrib ay mananatiling tatlong rak'ah pa rin. Magsisimula ang pagpapaikli ng saláh mula sa paglisan sa bayang tinitirahan hanggang sa makauwi, maliban na kung naglalayong manatili sa loob ng apat na araw o higit pa sa bayang pinuntahan dahil sa gayong kalagayan ay lulubusin at hindi paiiksiin ang saláh hanggang hindi nakaaalis doon pabalik sa bayan niya. Kapag pauwi ay maaari nang magpaikli ng saláh hanggang sa makarating sa bayan niya. Nagsabi si Allah (4:101): **"Kapag naglakbay kayo sa kalupaan ay hindi sa inyo pagkakasala na magpaiklii kayo ng dasal"** Nagsabi naman si Anas (RA): "Nang minsang naglakbay kami kasama ng Sugo ni Allah mula sa Madínah patungong Makkah ay dinadasal niya ang tig-aapat na rak'ah na tigdadalawang rak'ah hanggang sa makabalik kami sa Madínah." Itinala ito nina Imám an-Nasá'í at Imám at-Tirmidhí.
2. Ang pagpapahihintulot sa pagpupunas sa ibabaw ng medyas [o sapatos sa halip na hugasan ang paa] sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi dahil ang sabi ni

‘Alí (RA): “Ipinahintulot sa atin ng Propeta (SAS) sa tatlong araw at tatlong gabi para sa manlalakbay at isang araw at isang gabi para sa nananatili.” Ang tinutukoy niya rito ay ang pagpupunas sa medyas o sapatos. Isinalaysay ito nina Imám Ahmad, Imám Muslim, Imám an-Nasá’í at Imám Ibnu Májah.

3. Ang pagpapahintulot sa pagsasagawa ng tayammum kung walang tubig o mahirap ang pagkuha niyon o mahal ang halaga niyon sapagkat ang sabi ni Allah (4:43): **“Ngunit kung kayo ay may-sakit o nasa isang paglalakbay o dumating ang isa sa inyo mula sa palikuran o nakipagtalik kayo sa mga maybahay at hindi kayo nakatagpo ng tubig ay magsadya kayo sa isang malinis na lupa at haplusin ninyo ang mga mukha ninyo at ang mga kamay ninyo.”**
4. Ang pagpapahintulot sa pagputol sa pag-aayuno [sa Ramadán] dahil ang sabi ni Allah (2:184): **“Subalit ang sinuman sa inyo na may-sakit o nasa isang paglalakbay ay *mag-aayuno ng katumbas na* bilang mula sa ibang mga araw.”** Bubuuhin ang pag-aayuno sa mga araw na ito pagkatapos ng paglalakbay [at pagkatapos ng Ramadán.]
5. Ang pagpapahintulot sa pagsasagawa ng saláh na náfilah habang nakasakay sa sasakyan kahit saan man ito nakadako sapagkat ang sabi ni Ibnu ‘Umar

(RA) ang Sugo ni Allah (SAS) ay “nagsasagawa noon ng saláh niya na náfilah saan man siya idako ng [sinasakyang] inahing kamelyo niya.”

6. Ang pagpapahintulot sa pagsasama (*jam‘*) sa mga saláh sa dhuhr at ‘asr at sa mga saláh sa maghrib at ‘ishá’, maaaring sa paraang *jam‘ taqdím*: isasagawa ang saláh sa dhuhr at ‘asr sa oras ng dhuhr at ang saláh sa maghrib at ‘ishá’ sa oras ng ‘ishá’ o *jam‘ ta’khír*: isasagawa ang saláh sa dhuhr at ‘asr sa oras ng ‘asr at ang saláh sa maghrib at ‘ishá’ sa oras ng ‘ishá’. Batay ito sa sinabi ni Mu‘ádh (RA): “Nang minsang naglakbay kami na kasama ng Propeta (SAS) para sa isang labanan sa Tabúk ay dinadasal niya ang saláh sa dhuhr at ‘asr na magkasama at ang saláh sa maghrib at ‘ishá’ na magkasama.” Napagkaisahan ang katumpakan ng Hadith na ito.

## Ang mga Kaasalan sa Paglalakbay

1. Na itutuwid muna ang mga nagawang paglabag sa katarungan at isasauli muna ang lahat ng dapat isauli sa mga may-ari niyon, yayamang ang paglalakbay ay ang sandaling maaaring masawi.
2. Na ihahanda niya ang baon niya mula sa bagay na halál at mag-iiwan siya ng panggastos sa mga taong

tungkulin niyang pagkagastusan gaya ng asawa, anak at magulang.

**3.** Na magpapaalan siya sa pamilya niya, mga kapatid at mga kaibigan at dadalangin ng ganitong dalangin: **Astawdi'ulláha dínakum wa amánatakum wa khawátíma a'málikum**[32] at magsasabi naman ang mga pinamamaalaman: **Zawwadakalláhu bittaqwá wa ghafara dhambak wa wajjahaka ilal khayri haythu tawajjahta**.[33] Batay ito sa sabi ng Sugo (SAS): ***"Tunay na si Luqmán ay nagsabi: 'Tunay na si Allah, kapag hinabilinan ng isang bagay, ay pinangangalagaan Niya iyon."*** at sa sabi pa niya: ***"Ihinahabilin ko kay Allah ang pananampalataya, angtiwala ninyo, at ang mga wakas ng mga gawa ninyo."***

**4.** Na [makabubuting] lilisan siya para sa paglalakbay kasama ng tatlo katao o apat o higit pa matapos na mapili ang mga naaangkop sa paglalakbay kasama niya dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Ang isang manlalakbay ay [kasama ng] isang demonyo, ang dalawang manlalakbay ay [kasama ng] dalawang demonyo at ang tatlong manlalakbay ay [mabuting]***

---

[32] Ihinahabilin ko kay Allah ang Pananampalataya ninyo, ang tiwala ninyo, at ang mga wakas ng mga gawa ninyo.

[33] Pabaunan ka ni Allah ng pangingilag sa pagkakasala, patawarin Niya ang iyon pagkakasala, ituon ka Niya sa kabutihan saan ka man dumako.

***paglalakbay."*** Isinalaysay ito nina Imám Abú Dáwud, Imám an-Nasá'í at Imám at-Tirmidhí. Ang isa pang sabi niya: ***"Kung ang mga tao ay naka-aalam lamang sa nalalaman ko hinggil sa pag-iisa, walang maglalakbay na manlalakbay sa gabi na nag-iisa."***

**5.** Na gagawin ng mga manlalakbay na pinuno ang isa sa kanila upang siyang bumalikat ng pamumuno sa kanila alinsunod sa pagsasanggunian nila dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Kapag lumisan ang tatlo para sa paglalakbay ay gawin nilang pinuno ang isa sa kanila."***

**6.** Na magsasagawa ng salátul istikhárah sapagkat malubhang itinagubilin iyon ng Sugo (SAS) anupa't itinuturo niya iyon sa mga sahábí gaya ng pagtuturo niya ng isang surah ng Qur'an at lahat ng bagay.

**7.** Na magsasabi siya ng ganito kapag nakasakay na: **"Bismilláh wa billáh, walláhu akbar, tawak-kaltu 'alalláhi, subhánal ladhí sakhkhara laná hádhá, wa má kunná láhu muqrinín, wa inná ilá rabbiná lamunqalibún, alláhumma inní as'aluka fí safariná hádhal birra wattaqwá, wa minal 'amali má tardá, alláhumma hawwin 'alayná safaraná hádhá watwi 'anná bu'dah, alláhumma antas sáhibu fis safar, wal khalífatu fil ahli wal mál, alláhumma inní a'údhu bika min 'athá'is**

**safar, wa ka'ábatil mandhar, wa khaybatil munqalib, wa sú'il mandhar fil máli wal ahli wal walad."**[34]

**8.** Na [makabubuting] lilisan sa umaga ng Huwebes dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"O Allah pagpalain mo po ang sambayan ko sa mga maagang gawain nila."*** at yamang naiulat hinggil sa kanya na siya noon ay lumilisan patungo sa paglalakbayan niya sa araw ng Huwebes.

**9.** Na magsasabi ng **Alláhu akbar** sa tuwing tumataas ang daanan dahil ang sabi ni Abú Hurayrah (RA): "May isang lalaking nagsabi: 'O Sugo ni Allah, ninanais kong maglakbay, kaya tagubilinan mo po ako." Sinabi niya: ***"Panatilihin mo ang pangingilag sa pagkakasala kay Allah at ang pagsabi ng* Alláhu akbar *sa bawat pagtaas [ng daan]."***

---

[34] ***Sa ngalan ni Allah at sa pamamagitan ni Allah. Si Allah ay Dakila, si Allah ay Dakila, si Allah ay Dakila. Kaluwalhatian sa Kanya na nagpagamit sa atin nito, at tayo ay hindi makakakaya nito. Tunay na tayo sa Panginoon mo ay talagang magsisibalikan. O Allah, tunay na kami ay humihiling sa Iyo sa paglalakbay naming ito ng kabutihan, pangingilag na magkasala, at gawang Iyong ikinalulugod. O Allah, pagaanin Mo po sa amin ang paglalakbay naming ito at paiksiin Mo po para sa amin ang layo nito. O Allah, Ikaw po ang kasama sa paglalakbay at ang pinag-iwanan sa mag-anak. O Allah, tunay na ako po ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa hirap ng paglalakbay, laban sa kapanglawan ng tanawin, laban sa kasaklapan ng madadatnan sa ari-arian, mag-anak (o asawa) at anak.***

**10.**Na kapag may mga taong pinangangambahan siya ay magsasabi siya ng ganito: **Alláhumma inná nas'aluka fí nuhúrihim, wa na'údhu bika min shurúrihim**[35] dahil sinabi ito ng Sugo (SAS).

**11.**Na mananalangin siya kay Allah habang nasa paglalakbay  at hihilingin niya sa Kanya na makamit ang mabuti sa mundo at sa Kabilang-buhay, yamang ang pananalangin sa panahon ng paglalakbay ay tinutugon palagi sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***"May tatlong panalanging tinutugon, walang alinlangan hinggil doon: ang panalangin ng nagawan ng kawalang-katarungan, ang panalangin ng manlalakbay at ang panalangin ng magulang laban sa anak niya."*** Itinala ito ni Imám at-Tirmidhí.

**12.**Kapag titigil pansamantala sa isang lugar ay magsasabi siya ng ganito: **A'údhu bikalimátilláhit tám-máti min sharri má khalaq** (Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allah laban sa kasamaan ng nilikha). Kapag dumating ang gabi ay magsasabi siya ng ganito: **Yá ar<u>d</u>a rabbí wa rabbukilláh, inní a'údhu billáhi min sharriki wa min sharri má fíki, wa min sharri má yadibbu 'alayki, wa a'údhu billáhi min sharri asadin wa usúd, wa**

---

[35] O Allah, tunay na kami ay humihiling sa Iyo na pigilin ang mga dibdib nila at nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga kasamaan nila.

**min hayyatin wa ‘aqrab, wa min sákinil balad, wa min wálidin wa má walad.**[36]

13. Kapag nangangamba sa kapanglawan: **“Subhánal malikil quddús rabbil malá’ikati war rúh jullilatis samáwáti bil‘izzati wal jabarút.”**[37]

14. Kapag palapit na siya sa lungsod ay magsasabi ng ganito: **Alláhummaj’al laná bihá qarára, warzuq-ná fíhá rizqan halála, alláhumma inní as’aluka khayra hádhihil madínati wa khayra má fíhá, wa a‘údhu bika min sharrihá wa sharri má fíhá** yamang ang Propeta (SAS) ay nagsasabi noon niyon.

15. Kapag babalik pauwi ay magsasabi ng **Alláhu akbar** nang tatlong ulit, at magsasabi ng ganito: **Áyibú na tábi’úna‘ ábidúna lirabbiná hámidún**.[38] Uulit-ulitin niya iyon dahil gayon ang ginawa ng Propeta (SAS).

---

[36] O Lupa, ang Panginoon ko at ang Panginoon mo ay si Allah. Tunay na ako ay nagpapakupkop kay Allah laban sa kasamaan mo, laban sa kasamaan na nasa iyo, laban sa kasamaan ng anumang nilikha na nasa iyo at laban sa kasamaan ng anumang umuusad sa ibabaw mo. Nagpapakupkop rin ako kay Allah laban sa leon at mga leon, laban sa ahas at alupihan at laban sa [kasamaan ng] mga naninirahan sa bayan [na ito], at laban sa magulang at anak.

[37] Kaluwalhatian sa Haring Pinakababanal, Panginoon ng mga anghel at ng Espiritu (Anghel Gabriel). Binalot ang mga langit ng karangalan at kapangyarihan.

[38] [Tayo ay] umuuwi, na nagbabalik-loob, na sumasamba, na nagpupuri sa Panginoon natin.

16. Na hindi niya uuwian sa gabi ang mag-anak niya [hangga't maaari, sa halip ay] ipapaaalam niya sa kanila upang hindi sila masorpresa sa pagdating niya dahil ito ay ilan sa mga patnubay ng Propeta (SAS).
17. Na hindi maglalakbay ang isang babae kung walang kasamang mahram dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Hindi ipinahihintulot sa isang babae na maglakbay sa loob ng isang araw at isang gabi na walang kasamang mahram."*** Itinala ito ni Imám al-Bukharí.

## Ang Kaasalan sa Pananamit

Sinusunod ng isang Muslim sa kasuutan niya ang mga sumusunod na kaasalan:

1. Na hindi magsusuot kailanman ang isang lalaking Muslim ng kasuutang yari sa seda o sutla, maging iyon man ay sa damit, turban, pantalon at iba pa dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Ipinagbawal ang pagsuot ng sutla at ginto sa mga kalalakihan ng sambayanan ko, ngunit ipinahintulot sa mga kababaihan nila."***
2. Na hindi pahahabain ang kasuutan niya o pantalon hanggang sa umabot sa ibaba ng bukong-bukong dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Ang bumaba pa sa mga bukong-bukong sa tapis ay sa Impiyerno."***

3. Itatangi niya ang kasuutang puti kaysa sa ibang kulay, ngunit ituturing niya na ipinahihintulot ang pagsuot ng lahat ng uri ng kulay sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***“Isuot ninyo ang puti sapagkat ito ay higit na dalisay at lalong mainam. Balutin ninyo sa kulay na iyon ang mga patay ninyo.”*** Itinala ito nina Imám an-Nasá’í at Imám al-Hákim.
4. Na pahahabain ng babaing Muslim ang kasuutan niya hanggang sa matakpan pati ang mga paa niya, ilalaylay niya ang belo mula ulo upang matakpan ang leeg niya at ang dibdib niya sapagkat ang sabi ni Allah (33:59): **“O Propeta, sabihin mo sa mga maybahay mo at sa mga babaeng angk mo at sa mga kababaihan ng mga Mananampalataya na ilaylay nila sa mga katawan nila ang mga balabal nila.”** at dahil ang sabi pa Niya (24:31): **“Sabihin mo sa mga babaeng mananampalataya na magbaba sila ng mga paningin nila, pangalagaan nila ang mga puri nila, huwag nilang ilitaw ang gayak nila maliban sa nakalitaw na mula rito,”**
5. Na hindi magsusuot ang isang lalaking Muslim ng singsing [o anumang alahas] na yari sa ginto dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***“Ipinagbawal ang pagsuot ng sutla at ginto sa mga kalalakihan ng sambayanan ko, ngunit ipinahintulot sa mga kababaihan***

***nila.”*** Samantala, wala namang masama sa pagsuot ng singsing [o anumang alahas] na yari sa pilak.

**6.** Na hindi magsusuot ng iisang sapatos [o tsinelas o anumang isinusuot sa paa] sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***“Huwag maglalakad ang sinuman sa inyo na nakasuot ng isang pirasong sapin sa paa; hubarin niya ang dalawang ito o isuot niya ang dalawang ito.”*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Kapag magsusuot ng sapin sa paa ay magsisimula sa kanan, at kapag huhubarin iyon ay magsimula naman sa kaliwa sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***“Kapag magsusuot ang sinuman sa inyo ng sapin sa paa ay magsimula siya sa kanan at kapag huhubarin [iyon] ay magsimula sa kaliwa.”*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Ganoon din sa pagsusuot ng damit [magsisimula rin sa kanan] dahil ang sabi ni ‘Á’ishah (RA): “Naiibigan noon ng Sugo ni Allah (SAS) ang pagsisimula sa kanan sa lahat ng gawain niya: sa pagsuot niya ng sapin sa paa, sa paglalakad niya at sa paglilinis niya.” Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

**7.** Na hindi isusuot ang lalaking Muslim ang kasuutan ng babae at hindi rin isusuot ng babaeng Muslim ang kasuutan ng lalaki sapagkat ipinagbawal iyon ng Sugo (SAS) sa sinabi niya: ***“Isinumpa ni Allah ang lalaking nagsusuot ng kasuutan ng babae at ang babaing nagsusuot ng kasuutan ng lalaki.”***

Itinala ito ni Imám Abú Dáwud. Nagsabi pa siya: ***"Isinumpa ni Allah ang mga lalaking gumagaya sa mga babae at ang mga babaeng gumagaya sa mga lalaki."*** Itinala ito ni Imám al-Bukhárí.

8. Na magsasabi, kapag magsusuot ng bagong damit o anumang bagong kasuutan, ng ganito: **"Alláhumma lakal hamdu anta kasawtaníhi, as'aluka khayrahu wa khayra má sana'a lahu, wa a'údhu bika min sharrihi wa shari má sana'a lahu**[39] dahil iyon ay naiulat na mula sa Propeta (SAS).

## Ang Kaasalan sa Personal na Kalinisan

Ang personal na kalinisan na napatunayang ginawa ng Propeta (SAS) ay lima. Nabanggit ang mga iyon sa sinabi niya: ***"May limang likas na kaugalian sa kalinisan: ang pag-aahit ng buhok sa maselang bahagi ng katawan, ang pagtutuli, ang pagpuputol ng bigote, ang pagbubunot ng buhok sa kili-kili at ang pagpuputol ng kuko."***

[39] O Allah, ukol sa Iyo ang papuri; Ikaw ang nagpadamit sa akin, hinihiling ko sa Iyo ang kabutihan nito at ang kabutihan na ginawa para rito, at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa masama nito at laban sa masama na ginawa para rito.

1. Ang pag-aahit ng buhok sa maselang bahagi ng katawan.
2. Ang pagpapatuli. Ito ay ang pagpuputol ng balat na bumabalot sa dulo ng ari ng lalaki. Kanais-nais na isagawa iyon sa ikapitong araw matapos magsilang at wala ring masama kung ipagpaliban hanggang sa bago magbinata.
3. Ang pagputol ng bigoteng umabot sa bibig. Tungkol naman sa balbas, palalaguin ito dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Putulin ang mga bigote at pahabain ang mga balbas"*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Ang sabi pa niya: ***"Salungatin ninyo ang mga Mushrik: putulin ninyo ang mga bigote at hayaang ang mga balbas."*** Iiwasan din ang qaz‘: ang pag-aahit sa ibang bahagi ng buhok sa ulo samantalang ang ibang bahagi ng buhok ay hinayaan na hindi naahitan. Ito ay sapagkat ang sabi ni Ibnu ‘Umar (RA): "Ipinagbawal ng Sugo ni Allah ang qaz‘." Napagkaisahan ang katumpakan ng Hadith na ito. Kung palalaguin naman ng isang Muslim ang buhok niya sa ulo, pararangalan niya ito sa pamamagitan ng paglilinis at pagsusuklay dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Ang sinumang may buhok ay parangalan niya ito."*** Napagkaisahan ang katumpakan ng Hadith na ito.

4. Bubunutin ng isang Muslim ang buhok sa kili-kili niya at kung hindi niya kaya ay aahitin niya ito.
5. Ang pagpuputol ng mga kuko. Kaibig-ibig na magsimula sa kanang kamay, pagkatapos ay sa kaliwa, pagkatapos ay sa kanang paa, pagkatapos ay sa kaliwang paa.

Gagawin ng isang Muslim ang lahat ng iyon nang may layuning tularan ang Propeta (SAS) at sundin ito upang magtamo siya ng gantimpala yamang ang mga gawa ay nakabatay sa mga layunin at magkakamit ang bawat tao ng ayon sa nilayon niya.

## Ang mga Kaasalan sa Pagtulog

Ang isang Muslim ay nagtuturing na ang pagtulog ay kabilang sa mga biyaya na iminagandang-loob ni Allah sa mga lingkod Niya ayon sa sinabi Niya (28:73): **“Dahil sa awa Niya ay ginawa Niya para sa inyo ang gabi at ang maghapon upang makapagpahinga kayo sa gabi at makahanap kayo ng kagandahang-loob Niya *sa maghapon* at nang harinawa kayo ay magpasalamat.”** Bahagi ng pasasalamat sa biyayang iyon ay na isasaalang-alang ng isang Muslim sa pagtulog niya ang mga sumusunod na kaasalan:

1. Na pagkatapos ng <u>s</u>aláh sa ‘ishá’ ay hindi aantalain ang pagtulog niya maliban kung may kinakailangang

dahilan gaya ng pagrerepaso o pakikipag-usap sa panauhin o pakikipagniig sa asawa sapagkat ayon sa isinalaysay ni Abú Bazrah, kinasusuklaman ng Propeta (SAS) na matulog bago magsagawa ng saláh sa 'ishá'.

**2.** Na sisikapi niyang matulog samantalang may wudu' pa siya sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS) kay al-Bara' ibnu 'Azib (RA): ***"Kapag pupunta ka sa higaan mo [upang matulog] ay magsagawa ka ng wudú' para sa saláh."*** Napagkaisahan ang katumpakan ng Hadith na ito.

**3.** Na magsisimulang siyang matulog na nakatigilid sa kanang bahagi ng katawan at ipinang-uuanan ang kanang kamay at pagkatapos niyon ay walang masama na tumagilid sa kaliwang bahagi dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Kapag pupunta ka sa higaan mo ay magsagawa ka ng wudú' para sa saláh at pagkatapos ay mahiga ka sa kanang bahagi ng katawan mo."*** at ang sabi pa niya: ***"Kapag pumunta ka sa higaan mo samantalang ikaw ay may wudú' ay ipang-unan mo ang kanang kamay mo."***

**4.** Na magsisimula siyang matulog na nakatigilid sa kanang bahagi ng katawan at ipinang-uuanan ang kanang kamay, pagkatapos niyon ay walang masama na tumagilid sa kaliwang bahagi dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Kapag pupunta ka sa higaan mo ay***

***magsagawa ka ng wudú' para sa saláh at pagkatapos ay mahiga ka sa kanang bahagi ng katawan mo."*** at dahil ang sabi pa niya: ***"Kapag nagpunta ka sa higaan [upang matulog], samantalang ikaw ay may wudú', ay ipang-unan mo ang kanang kamay mo."***

**5.** Na hindi siya mahihigang nakadapa habang natutulog sa gabi man o sa araw sapagkat nasasaad na ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Iyan ay paghigang hindi naiibigan ni Allah."***

**6.** Na sa abot ng makakaya ay bibigkas ng mga dhikr na ang ilan sa mga iyon ang sumusunod:

- Na bibigkas ng **subhánalláh**, **alhamdu lilláh** at **Alláhu akbar** nang tig-33 beses, pagkatapos ay magsasabi ng isang **Alláhu akbar** para mabuo na isandaan dahil ang sabi ng Sugo (SAS) kina 'Alí at Fátimah (kalugdan sila ni Allah) nang humiling silang dalawa ng isang katulong sa bahay: ***"Hindi ba't nais ninyong gabayan ko kayo sa higit na mabuti kaysa sa hiniling ninyo? Kapag hihiga kayo sa higaan ninyo ay magsabi kayo ng*** **subhánallá h***nang tatlumpu't tatlong ulit, magsabi kayo ng* **alhamdu lilláh** *nang tatlumpu't tatlong ulit, at magsabi kayo ng* **Alláhu akbar** ***nang tatlumpu't apat na ulit dahil ito ay higit na mabuti para sa inyong***

***dalawa kaysa sa katulong."*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

- Na bibigkasin ang al-Fátihah, ang unang apat na áyah ng Súrah al-Baqarah, ang Áyatul Kursí, ang huling áyah ng Súrah al-Baqarah, ang Súrah al-Ikhlás (ika-112 na Súrah), ang Súrah al-Falaq (ika-113 na Súrah), at ang Súrah an-Nás (ika-114 na Súrah) dahil nasasaad ang pag-aanyaya na isagawa iyon.
- Na magsasabi ng **alhamdu lilláhil ladhí ahyáná ba'da má amátaná wa ilayhin nushúr**.[40]

[40] Ang papuri ay ukol kay Allah na nagbigay-buhay sa atin matapos na bawian Niya tayo ng buhay at sa kanya ang Muling Pagbubuhay.